BEST-SELLING AUTHOR

Supreme Master Ching Hai

Pag-ibig Ang Tanging Solusyon

Love Is The Only Solution

Pag-ibig
Ang Tanging Solusyon

Supreme Master Ching Hai

M g a N i l a l a m a n :

Talambuhay ng May-Akda

Paunang salita: Pag-ibig ang Tanging Solusyon

1 Ang Kasalukuyang Pandaigdigang Kalagayan

2 Ang Kapaligiran

3 Paano Tayo Napunta sa Ganitong Estado ng Giyera, Sakit at Natural na Mga Sakuna?

4 Ang Sagot sa Lahat ng Mga Problema ng Sangkatauhan ay PAG-IBIG

5 Meditasyon para sa Panloob at Pandaigdigang Kapayapaan

6 Panawagan ni Supreme Master Ching Hai sa Lahat ng mga Relihiyoso at mga Espirituwal na Pinuno

7 Isang Kagyat na Mensahe mula kay Supreme Master Ching Hai sa Lahat ng Mga Pinuno at Pamahalaan sa Mundo

8 Mga Salita ng Panghihikayat mula kay Master

9 Manalangin para sa Vegan na Mundo

Mga Reperensya

Talambuhay ng May-akda

Si Supreme Master Ching Hai ay ipinanganak sa Central Au Lac (Vietnam). Sa edad na labingwalo, si Master Ching Hai ay lumipat sa Inglatera upang mag-aral, at pagkatapos ay sa Pransya at sunod ay sa Alemanya, kung saan Siya ay nagtrabaho para sa Red Cross at nagpakasal sa isang Aleman na manggagamot. Pagkatapos ng dalawang taon ng masayang buhay-may-asawa, nang may basbas mula sa kanyang asawa, iniwan Niya ang Kanyang buhay-may-asawa para hanapin ang kaliwanagan. Sa gayon ay tinupad niya ang isang mithiin na nasa puso na Niya mula noong Kanyang pagkabata.

Dito nagsimula ang mahirap na banal na paglalakbay sa iba't ibang mga bansa na natapos nang makilala Niya ang isang perpektong buhay na Master sa Himalayas. Natanggap ni Master Ching Hai ang banal na transmisyon ng panloob na Liwanag at Tunog, na kalaunan ay tinawag Niyang Ang Pamamaraang Quan Yin. Matapos ang isang panahon ng masigasig na pagsasanay, nakamit Niya ang Perpektong Kaliwanagan. Upang tugunan ang matinding-paghahangad ng mga taimtim na naghahanap ng Katotohanan, ibinahagi ni Supreme Master Ching Hai ang Pamamaraang Quan Yin ng meditasyon sa mga tao ng lahat ng mga nasyonalidad, relihiyon at kultura. Ang kanyang mensahe ng pagmamahal at kapayapaan ay nagdadala ng pangkaluluwang kalayaan at pag-asa sa mga tao sa buong mundo, na nagpapaalala sa lahat na pagtibayin ang Katotohanan, Kabutihan, at Kagandahan sa buhay.

Paunang salita

Pag-ibig Ang Tanging Solusyon

“Pag-ibig ang pinakadakilang bagay sa buhay at ang pinakadakilang bagay sa buong sansinukob. Ngunit sa panahon ngayon, karamihan sa mga tao ay kulang sa pag-ibig na iyon. Dapat magpakita ang sangkatauhan ng higit na pagmamahal kaysa dati. Dapat nating mahalin kahit na ang ating mga kaaway, ating mga kapitbahay, ang mga hayop sa ating paligid at ang kapaligiran. Sa ganitong paraan, malalampasan natin ang krisis at magkakaroon tayo ng mapayapang buhay. Dapat ipamalas ang pagmamahal sa mga aksyon. Ang pag-ibig ay hindi mapag-uusapan, sa halip dapat itong ipakita sa pamamagitan ng mga gawa. Ang ibig sabihin nito ay, maging vegan, gumawa ng mabuti at protektahan ang kapaligiran.”

“Kailangan ko ng pagpapakita ng pag-ibig, kahit 1% lamang na pag-ibig para sa mundo, pagmamahal para sa iyong mga anak, pag-ibig para sa lahat ng mga nilalang, na sapat upang isakripisyo natin ang ating panlasa sa karne, at mga kaugnay na mga hindi maawaing produktong galing sa hayop. Kailangan nating ipakita

ang pagmamahal sa isang mas malaking saklaw, hindi lamang romantikong pag-ibig para sa mga miyembro ng ating pamilya – dapat nating panatilihin iyon, sapagkat ang bawat uri ng pag-ibig ay sagrado. Ang bawat uri ng pag-ibig ay naglalabas ng ilang magaganda at positibong enerhiya upang protektahan tayo, ang ating mga mahal sa buhay at ang mga bagay sa ating paligid."[1]

"Kaya't kung ang bawat isa sa atin ay magbibigay ng higit na pag-ibig sa paligid, at palalawakin pa ito, nang kaunti pa, nang higit pa sa pamilya lang, at ang sapat na pag-ibig na iyon, ay makakabuo sa 100% kapangyarihan ng pag-ibig na kinakailangan upang matunaw ang pinakamalaking banta sa ating kaligtasan."[2]

-Supreme Master Ching Hai

1

Ang Kasalukuyang Pandaigdigang Kalagayan

Nagtataka ako, “Bakit kaya hindi pa rin ganap na umaayos ang mundo?” Ibig kong sabihin, hindi sa paraang gusto ko. Hindi pa lubos na maayos. Hindi pa ito kagaya ng Langit, na may kapayapaan para sa lahat. Napakagulo pa rin hanggang ngayon. Hindi lang pandemya ang problema, kundi pati na ang daan-daang libong hayop na pinapatay dahil hindi sila nabebenta. Mga baboy, baka, manok, ang mga mink ay pinapatay nang daan-daang libong. At pagkatapos ang buong mundo ay nasa kakulangan. Dahil sa pandemya, ang mga tao ay hindi nagtatrabaho, hindi gaanong produktibo, ngunit mas madaming bayarin. At narinig ko na ang utang ng mga Amerikano ay parang nasa humigit-kumulang 30 trilyong US dollar, o mga ganon. Basta nasa ilang mga trilyon.

At pagkatapos ay may Ebola pa. Pero siguro ay mas mabuti na ngayon. At ang salmonella sa manok, at kung ano-ano pa. At ang pana-panahong trangkaso ay hindi

kailanman nawala. Paulit-ulit na bumabalik sa atin, at minsan ay nakamamatay din o nagdudulot ng matinding sakit at pinsala sa katawan. Dahil kung umiinom ka ng antibiotics, hindi rin iyon maganda sa katawan. At pati ang mga dating sakit tulad ng SARS at MERS, nandiyan pa rin sa tabi-tabi. Marahil ay hindi sila kumakalat nang napakabilis tulad ng COVID-19 , pero kumakalat pa rin sila.

Dahil lang sa COVID-19 kaya parang natatabunan ang lahat. Maraming pasyente ng cancer ang napapabayaan. Maraming nagreklamo at iniulat ito sa mga dyaryo. At ang Tuberculosis ay napapabayaan din. Pati ang malaria, at mga taong may iba pang chronic o delikadong sakit, maraming napapabayaan dahil sa sitwasyon ng COVID-19. Dahil sa lockdown at puno ang mga ospital, at ang pandemya ay bago at mas kailangan ng agarang pansin. Kaya maraming pasyente ang hindi naalagaan nang maayos at namamatay. Lalo na ang mga matatanda.

Kaya hindi lang ang pandemya ang pumapatay sa mga tao, may iba pang mga bagay. Nariyan pa rin ang ibang mga lumang epidemya/pandemya. At ngayon, mayroon pa tayong mga pagbaha, malalakas na pagbuhos ng ulan at pagguho ng lupa sa maraming mga lugar, pati na ang pagkasira ng mga pananim dahil sa salot ng balang, pagkaunti ng populasyon ng mga pukyutan, tagtuyot sa maraming lugar, at ang mga magsasaka — walang

magawa, walang tumutulong. Nakakabahala ang sitwasyon ng mundo natin; ang iba ay nag-aalala na dahil dito, magkakaroon tayo ng kakulangan sa pagkain.

Pati ang mental stress ay matindi. Maging ang ilang mga doktor ay nagpakamatay, dahil sa sitwasyon o marahil ay dahil inatake ng virus ang kanilang utak, kaya hindi na sila makapag-isip nang maayos. Ganoon ang nangyari. Isang doktor na nakita ko, napakaganda, Amerikana, nagpatiwakal lang ng ganoon. Marami pang iba. Maraming doktor, mga kawani ng ospital, at mga nars ang namatay dahil sa impeksyon. Kasi noong una, hindi pa handa ang lahat, kaya walang sapat na gamit pang-proteksyon, kaya sila ay namatay na lang nang ganoon. Isipin niyo, ang mga taong maiggiting na ito.

At sa Inglatera, mga doktor at nars na retirado ay bumalik sa trabaho. Para lang tumulong dahil kailangan sila. Tinawag sila ng mga ospital, bumalik sila at nagsakripisyo, at namatay. Marami sa kanila. Nang ganun lang! Isipin mo ‘yun. Oo, nakakatakot! Ano ang mararamdaman mo kung ikaw ang miyembro ng pamilya nila? Karaniwan ay nagtatrabaho sila nang husto buong buhay nila. At ngayon, sana'y nagpapahinga na lang ng kaunti, pero kailangan nilang magsakripisyo at mamatay nang ganoon na lang! Pakiramdam ko ay hindi ito makatarungan.[3]

Panahon ito ng malaking paglilinis. At kahit na malagpasan natin ito, may darating pang iba. At sa panahon ngayon, maraming mga bagay na darating, hindi lamang ito. Mayroon tayong Ebola at mayroon tayong salmonella mula sa mga poultry farm at iba pa. Pati ang mga mink, alam mo yung mink na binabalatan ng mga tao ng balahibo para gawing damit? Sa ilang bansang Europa, sa tingin ko, sa Holland, pinatay ang libu-libo sa kanila dahil takot silang kumalat ang sakit. Pero kahit gaano karaming hayop ang patayin mo, wala ring epekto kung hindi mo babaguhin ang paraan ng iyong pamumuhay.

Kung patuloy nating pinuputol ang mga kagubatan at wala nang matirhan ang mga wild animals, mas mapapalapit tayo sa kanila, kaya maglilipatan ang mga sakit kahit ano pa man. Kaya't ang isang sakit ay lilipat sa iba, at mapapahamak ang mundo gaya nito. Kailangan lang nating hayaang mamuhay ang mga hayop nang tahimik kung nais natin ng kapayapaan. Ganoon lang kasimple. Wala na akong masasabi pa. Wala akong masabi pa kasi iyon ang katotohanan at alam ng lahat iyon.[4]

2

Ang Kapaligiran

Sigurado akong alam na ng marami sa inyo ang dumaraming epekto ng global warming na nakikita sa buong mundo, kaya't ibabahagi ko lang ang ilan mula sa ibang bansa at sa Estados Unidos.

Sa Arctic, North Pole, sobrang dami na ng yelong natunaw kaya’t ipinagbabala ng mga siyentipiko na maaaring magkaroon na ng tag-init na walang yelo sa loob ng tatlo hanggang anim na taon – ang kauna-unahan sa loob ng isang milyong taon! Samantala, ang Greenland ay nawawalan ng 85 milyong toneladang mga iceberg araw-araw dahil sa pag-init, at tumataas pa ito ng 7% kada taon. Natutunaw rin ang West Antarctic Ice Shelf, na may inaasahang pagtaas ng dagat na aabot sa 3.3 metro, na maaaring magbanta sa mga lungsod sa inyong bansa, tulad ng New York, Washington, D.C., at San Francisco. At kung matunaw ang lahat ng yelo sa Antarctica at Greenland, ang antas ng dagat ay maaaring tumaas ng hanggang 70 metro, na magiging

nakamamatay o mapanganib sa karamihan ng mga buhay sa Mundo.

Ang mga glacier sa buong mundo ay lumiliit nang mas mabilis kaysa sa inaasahan ng mga mananaliksik, na nagiging sanhi ng pagkatuyo o pagkawala ng mga ilog at lawa, at pagkawala ng tubig para sa mga pananim, na magdudulot ng kakulangan sa pagkain sa bilyon-bilyong tao dahil sa kakulangan sa tubig. Dahil sa pagtaas ng antas ng dagat, lumulubog na ang mga isla, tulad ng Tuvalu, Tonga, at mga 40 pang bansang isla na napipilitang planuhin ang paglikas ng buong bansa nila. Sila ay napipilitang sumali sa kasalukuyang 20 milyong mga climate refugee ngayon. Ayon sa International Organization for Migration, maaaring umabot sa 200 milyong climate refugee sa 2050.

Ayon sa mga mananaliksik sa Georgia Institute of Technology sa Estados Unidos, ang bilang ng pinakamapinsalang Category 4 at 5 na mga bagyo ay dumoble sa nakalipas na 35 taon. Ang Category 5 na mga bagyo ay nagdudulot ng pinakamalaking pinsala sa mga pangunahing lungsod. Ang kanilang lakas at tagal ay tumaas ng 75% simula noong dekada 1970. Isa sa mga bagyong ito na ang mga epekto ay nararamdaman pa rin ngayon ay ang Hurricane Katrina noong 2005, na sumira sa ilang bahagi ng New Orleans, kung saan ang mga tao ay patuloy pa ring nagsisikap na makabangon

sa kanilang mga tahanan at buhay hanggang ngayon. Nalulungkot ako na kailangan pang maranasan ng mga Amerikano ang mga ganitong trahedya.

Ngayon, sa Estados Unidos: Halos isang milyong ektarya ng pine forest ang nawala sa Rocky Mountains dahil sa pagdami ng mga salagubang sanhi ng global warming. Katulad din nito ang nangyayari sa Canada, ngunit dahil sa limitasyon sa oras, hindi ko mailalahad ang lahat, kaya magtatala muna tayo tungkol sa Estados Unidos.

Sa estado ng Montana, ang mga tanyag na glacier sa Glacier National Park ay inaasahang mawawala na sa loob ng isang dekada. Ayon sa bagong pag-aaral ng Scripps Institution of Oceanography, ang Colorado River, na nagbibigay ng tubig sa pitong Western states, ay natutuyot na. Isang kilalang ilog. Ayon pa nga sa mga mananaliksik, ang West US ay nahaharap sa isang nakakapinsalang krisis sa tagtuyot dahil ang mga niyebe mula sa mga bundok ay naglalabas ng malalaking reserba ng tubig.

Ang antas ng dagat sa North Carolina, USA, ay tumaas nang tatlong beses na mas mabilis noong ika-20 siglo kumpara sa nakaraang 500 taon. Ayon sa US National Oceanic and Atmospheric Administration, sa unang pagkakataon noong 2008, anim na magkakasunod na

tropical cyclone ang tumama sa mainland ng US. Ang North Atlantic Ocean at Indian Ocean ang dalawang rehiyon na may pinakamatitinding bagyo.

Maaari mong itanong, ano ang pangunahing sanhi ng mga pinsala at pagkasira sa kapaligiran? Nakagugulat man, hindi ang industriya ng karbon, o mga kotse, eroplano, tren, bangka, o barko ang pangunahing sanhi. Ito ay ang methane, na pangunahing napoprodus ng industriya ng paghahayupan.[5]

3

Paano Tayo Napunta sa Ganitong Estado ng Giyera, Sakit at Natural na Mga Sakuna?

Igalang ang Kaayusan ng Sansinukob

Nang itinatag ng Diyos ang kaayusan sa sansinukob, may itinakdang mga tuntunin na dapat sundin. Tulad ng pagbuo natin ng mga daan at kalsada para maging mas maayos ang ating pagbiyahe, kailangang may mga batas na umiiral sa lipunan para sa kaligtasan ng mga tao, ng mga nagmamaneho, ng mga naglalakad, at para maging maayos ang daloy ng trapiko. Kung tayo ay susunod sa mga batas na ito, walang aksidente; ngunit kung hindi tayo susunod, may problema. Puwedeng malagay sa panganib ang ating buhay o mawala ito, at ito ay magdudulot ng pagdurusa sa atin, sa ating mga kamag-anak at mga kaibigan.

Kaya ang lahat ng pagdurusa sa mundo ay hindi dulot ng Diyos. Hindi tayo sinusubok ng Diyos. Hindi ipinapadala ng Diyos ang pagdurusa at kahirapan upang subukin ang

ating pananampalataya at debosyon. Hindi. Ito ay ating sariling gawa. Kaya nga sinasabi natin, “Kung ano ang iyong itinanim, siya mong aanihin.” Maraming beses kong naririnig na sinisisi ng mga tao ang Diyos sa kung anu-anong mga bagay, ngunit para itong sinisisi mo ang gumawa ng batas-trapiko sa aksidente mo matapos kang magmaneho ng lasing at lumipat sa kaliwang linya sa halip na sa kanan. Hindi ito kasalanan ng pamahalaan; kasalanan mo ito. Ang batas ay nagsasabing hindi ka dapat magmaneho kapag lasing at dapat kang magmaneho sa tamang linya.

Kung hindi natin susundin ang Batas ng Diyos, magkakaproblema tayo. Ang Batas ay nagsasabing: Huwag kang papatay. Ngunit tingnan natin ang ginawa ng ating mga ninuno sa loob ng maraming siglo, at ang ginagawa pa rin ng ilan sa ating mga kapatid hanggang ngayon. Pati sa ngalan ng Diyos, sa ngalan ni Jesus, naglalakas-loob silang makipagdigmaan laban sa isa't isa, na tunay na nakakalungkot, dahil hindi ito ang kalooban ng Diyos at hindi rin ito ang layunin ni Hesu Kristo. Ang isa ay papatayin ang isa, at ang isa ay gaganti, at ganoon ang nangyayari sa mga anak ng bawat isa, kaya’t hindi tayo tumitigil!

Ang digmaan ay nagdadala ng maraming sakuna. Pinahihina nito ang ekonomiya ng bansa, ang lakas ng mga tao, at pati na rin ang kanilang moralidad at

pananampalataya; kaya maraming tao ang muling sinisisi ang Diyos. Sasabihin nila, “Kung may Diyos, bakit Niya hinahayaan ang digmaan? Bakit Niya hinahayaan ang mga tao na magpatayan?” At kung anu-ano pa.

Ngayon, may mga nangyayari tulad ng pagbabago sa klima, gutom, at iba’t ibang sakit na nagdudulot ng pagdurusa sa ating mundo. Kaya’t may mga taong may mahinang pananampalataya na muling sinisisi ang Diyos. Kapag nagbibigay ako ng lektyur, madalas itanong ng mga tao, “Kung may Diyos, bakit nangyari ang ganitong kalamidad?” Ngunit dapat nilang tandaan na hindi Diyos ang gumagawa ng mga ito; tayo ang may kagagawan ng mga problemang ito. Halimbawa, ilang bansa ang patuloy na sinusubok ang mga bombang atomiko at hydrogen bomb, na gumagambala sa kaayusan ng atmospera at nagpapahina sa katatagan ng mundo. Iniisip nila na sa pagpasabog ng mga bombang ito sa hangin o sa dagat ay walang magiging problema. Ngunit nagdudulot pa rin ito ng problema dahil ang sansinukob ay binubuo ng iba’t ibang materyales; may mga solido at may mga hindi nakikitang mga bagay. Sa paggambala sa mga di-nakikitang materyal na ito, naaapektuhan din ang katatagan ng sansinukob at ang likas na galaw ng kalikasan.

Halimbawa, kung magtatayo ka ng bahay na may bintana, pinto, at ilang bakanteng kuwarto. Kung may

isang sulok na nasira, magbabago ang temperatura sa kuwarto. Kahit na tag-init, magiging malamig sa gabi kung hindi ito aayusin dahil minsan sa gabi, may malamig na hangin at ulan na darating.

Pangalagaan ang Ating Makatao at Maawain na Sarili

Dapat nating iligtas ang pagkatao at ang pusong maawain ng tao – ito ang pinakamahalaga. Kailangan nating pangalagaan ang ating marangal na pagkatao. Paulit-ulit kong binabanggit, hindi lang ang pisikal na pag-iral sa planetang ito ang nais nating iligtas, kundi gusto rin nating protektahan ang mga bata, at sa pamamagitan nito, pinoprotektahan natin ang ating marangal na Sarili, ang ating makatao at maawain na Sarili, na ating tunay na Likas na Katangian. Kung mawawala ito sa atin, mas masama pa ito kaysa sa pagkawala ng planeta. Dapat nating panatilihin ang ating pusong maawain.

Dapat tayong maging marangal at matapat, mapagmahal at mapagkalinga sa mga mahihina at walang kalaban-laban, tulad ng mga bata at mga hayop na walang kalaban-laban. Dapat nating pangalagaan ang ating marangal na Likas na Katangian, dapat tayong maging buhay, naglalakad, at humihingang mga anak ng Diyos, o mga disipulo ng mga Buddhas.[7]

Ang Pagmamahal ay Nagbubunga ng Pagmamahal

Dahil una sa lahat, kailangan nating isagawa ang pagmamahal upang makapagbigay ng pagmamahal. Upang maging mapagmalasakit sa lahat, tulad ng ating Ama, kailangan nating mahalin ang lahat ng nilalang. At ito ang kahulugan ng vegan na pamumuhay. Hindi ito upang maging malusog, o dahil sinabi ito ni Hesus o ipinagbawal ni Buddha; ito ay upang tayo ay maging reinkarnasyon ng pagmamahal.

Dapat tayong maging tulad ng Diyos na naglalakad sa planetang ito. Dapat tayong mabuhay gaya ng pamumuhay ng Diyos! Kung nais nating mapalapit sa Diyos... Hindi tayo pinarurusahan ng Diyos, natural lang na ang katulad ay nagbubunga ng katulad nito. Kung nais nating mapalapit sa isang bagay, kailangan nating pumunta sa direksyong iyon. Kaya, nilikha ng Diyos ang lahat ng nilalang at hinahayaan silang mamatay nang natural. Ganito rin dapat tayo. Kung hindi natin kayang lumikha, hindi dapat tayo manira. Ang utos sa Bibliya ay: "Huwag kang papatay." Hindi sinabing, "Huwag mong papatayin ang mga tao lamang." Sinabi, "Huwag kang papatay."[8]

4

Ang Solusyon sa Lahat ng Mga Problema ng Sangkatauhan ay PAG-IBIG

Ang pag-ibig ang pinakamahalagang bagay sa pisikal na mundong ito. Kaya't kailangan nating protektahan ang pag-ibig, maging ito man ay sa pagitan ng magkasintahan, ng mga magulang at anak, ng magkaibigan. Pag-ibig sa pagitan ng tao sa tao, ng hayop sa hayop, o ng tao sa hayop, o ng hayop sa tao. Maging ang pag-ibig ng mga halaman at puno sa isa't isa. Nag-uusap din sila. Sila ay nagmamahalan at pinoprotektahan ang isa't isa, na napatunayan na rin ng mga siyentipiko. Alam natin ito. Tunay na pag-ibig ang kailangan natin para protektahan ang mundo, lalo na ngayon. Anumang ating iniibig ay umuunlad; anuman ang umiibig sa atin ay nagdadala ng kasiyahan sa ating buhay. Ngunit ang pag-ibig ay hindi lamang isang salita; ito ay kilos, nakikita man o hindi nakikita.

Ang pag-ibig ay maaaring umusbong o masira, kahit na ang tunay na diwa nito ay hindi kailanman tuluyang

mawawala. May mga gawaing nagpapalago sa pag-ibig, at mayroon din namang nagiging dahilan ng pagkasira nito. Ang tinutukoy ko ay ang pisikal na pag-ibig, ang pag-ibig sa mundong ito. Kailangan nating pahalagahan ang pag-ibig kapag ito'y natagpuan natin. Suportahan ito. Kailangan natin itong suportahan sa ating isip, salita, at gawa.[2]

Dapat tayong maging halimbawa ng pag-ibig—sa pagbibigay, pangangalaga, at pagkakaisa—upang kapag naaalala tayo ng iba, mararamdaman nila ang kasiyahan, pag-ibig, ginhawa, at maging ang pagkadakila. Hindi tayo dapat maging sanhi ng bigat o pagdurusa sa iba, sa kanilang isip, salita, o gawa.

Kailangan tayong maging inspirasyon ng pagkadakila at pag-ibig, lalo na kung may nagpakita sa atin ng halimbawa nito. Kapag may pag-ibig tayo, lahat ng kabutihan ay mapapalapit sa atin. Maaari tayong magsimula ng pag-ibig ngayon, at ituloy ito bukas at sa hinaharap. ***Mahalin ang sarili, mahalin ang pamilya, mahalin ang mga kapitbahay, at mahalin ang lahat sa paligid natin***.

Kung wala tayong pag-ibig sa puso, halos wala tayong silbi, para lang tayong pabigat sa sarili, sa mga mahal sa

buhay, at sa lipunan. Ang pag-ibig ay hindi lang isang salita, ito ay damdamin sa loob at isinasagawa sa labas.

Mahalin ang mga hayop, tayo ay magiging vegan.

Mahalin ang Daigdig, tayo ay mag-go green.

Mahalin ang Mundo, iligtas ang Planeta.[2]

Kung iniisip natin na tayo'y mas mataas na mga nilalang, dapat nating isagawa ang mas dakila at marangal na gawain—protektahan ang mga mahina at inosente, at huwag abusuhin ang ating kapangyarihan sa pananakit ng ating mga kaibigan, lalo na't hindi naman sila nagdudulot ng pinsala sa atin. Dapat tayong makinig sa mga dakilang lider pang-relihiyon ng nakaraan at kasalukuyan, at ituring na banal ang ating mga kaibigang hayop, ang mga mahalagang nilikha ng Diyos. At bilang isang simpleng pagpapakita ng dignidad, respeto, at kabutihan, maging vegan tayo. Kapag mahal natin at rinirespeto ang mga hayop, umuunlad ang ating espirituwalidad.

Kapag naipapakita natin ang ganitong pagmamahal sa lahat ng nilalang sa sansinukob, kabilang ang mga hayop na ating kasamang naninirahan sa mundo, tayo mismo ay nagiging mas dakila sa espirituwal. Ang isang

mapayapang ugnayan sa mga hayop, na walang patayan, ay magdadala sa atin ng masaganang biyaya mula sa Diyos. At sa buong mundo na nagpapakita ng malasakit sa mga hayop, ang kapaligiran ng ating planeta ay magiging mas katulad ng isang langit, na puno ng kapayapaan at pag-ibig.[9]

Kung tayo ay sumusunod sa umuusong organikong vegan na pamumuhay o organikong vegan na pamamaraan ng pagtatanim, mararamdaman natin ang mas higit na pag-ibig mula sa kalikasan, mula sa planetang Mundo, mula sa mga puno, at kahit sa isang damo o bulaklak. Makakaramdam tayo ng napakaraming pagmamahal sa hangin na ating hinihinga. Mararamdaman natin ang napakaraming pagmamahal mula sa lupa na ating tinatapakan. Hindi ito mailalarawan sa simpleng wika. Kailangang maramdaman ito. Lagi kong nararamdaman ito, ngunit hindi ko maipasa ang mensaheng ito sa iba. Kailangan itong maranasan ng bawat isa. Kapag tayo nagsimula sa isang mapagmalasakit na vegan na pamumuhay na nais ng Langit, mararamdaman natin ang mas higit na pagmamahal at mas malalim na koneksyon sa lahat ng oras.[10]

Maging vegan muna tayo, okey? Kung hindi man kayo agad makahanap ng mga organikong gulay o prutas, pakiusap, maging vegan muna. Dahil ang positibong

enerhiya ng pag-ibig na ito ay magiging protektibong kalasag para sa atin. Walang ibang berde o malakas na enerhiya ang makakaprotekta sa atin sa panahong ito ng panganib. Maniwala kayo sa akin. Wala akong makukuha sa pagsasabi nito sa inyo, ngunit sinasabi ko ito dahil ako ay isa rin sa inyo, dahil ang aking pagmamahal ay walang hangganan sa pagitan ko, ng aking sarili, ng aking pamilya, ng aking mga kababayan, ng mga tao sa Korea, o ng anumang ibang lahi sa mundo. Mahal ko ang lahat ng tao, ang lahat ng nilalang sa planetang ito, at gusto kong iligtas kayo lahat. Nais kong iligtas silang lahat. Pakigising ang lahat bago tuluyang masunog ang ating tahanan. Sama-sama natin itong malalampasan; sama-sama natin maililigtas ang ating planeta. Hindi lang para sa pisikal na pag-iral, ngunit para mailigtas natin ang ating mga sarili.

Isinasalba natin ang ating dakilang Sarili na puno ng malasakit, pagmamahal, at awa, na may pagkadiyos. Lahat ng mga kasulatan ng relihiyon ay nagsasabi nito sa atin—na tayo ay mga Buddha, na kaya nating maging Buddha anumang oras na nais natin, na tayo ay mga anak ng Diyos. Kaya’t kailangan nating panatilihin ang ating estado bilang pinakadakilang mga nilalang sa sansinukob; ang korona (pinakamataas na uri) ng nilikha. Kailangan nating pangalagaan ang ating dakilang mga katangian; hindi lamang ang planeta, kundi ang ating sarili, ang ating puso, ang ating pagkamarangal,

ang ating pamumuno sa maganda at mahiwagang sasakyang ito na tinatawag nating Mundo. Tayo ang mga kapitan. Dapat nating gabayan ang planeta tungo sa kaligtasan at iligtas ang ating kaluluwa, ingatan ang pinakamabuting katangian sa ating kalooban.

Nang sama-sama, mapapanatili natin hindi lamang ang kagandahan ng Jeju at buong South Korea bilang isang paraiso, kundi pati ang buong mundo. Lahat kayo ay magiging bayani. Lahat kayo ay mga bayani ko. Mangyaring, maging vegan, go green. Ang pagmamahal ang magpapabago sa mundo. Salamat.[10]

Isang Mensahe mula sa mga Hayop

Nais nila (ng mga hayop) makita ng mga tao ang kanilang nakikita, malaman ang kanilang nalalaman, at ihinto ang lahat ng kabaliwang ito na nakatuon lamang sa pansamantalang buhay sa Mundo, at magtuon sa buhay na walang hanggan. Nais nilang mailigtas ang Mundo. Ngunit hindi ito tungkol lamang sa pagligtas ng planeta, kundi sa pagbabalik ng tao sa matuwid na pamumuhay at pusong may malasakit. At magiging maayos ang lahat. Alam nila iyon. Kung magiging mahabagin ang tao, maliligtas ang mundo bilang resulta. Kung tayo ay mamumuhay ayon sa batas ng pag-ibig, magiging maayos ang lahat. Alam iyon ng mga hayop, at

taos-puso nilang hinahangad na maunawaan ito ng tao—ang konsepto ng pag-ibig, ang tanging konseptong mahalaga.[11]

Dahil matapos nating magpraktis (ng meditasyon) sa loob ng maikling panahon, madarama natin ang pagkakaisa ng lahat ng bagay sa sansinukob, ang pagiging isa sa pagitan mo at ko, ng iyong sarili at ng sarili ko. Na mula tayo sa parehong pinagmulan, na tayo ay binubuo ng karununggan, pagmamahal, at pagkakaisa. Dahil dito, hindi natin pipiliin na mahalin lamang ang isang tao o isang nilalang sa sansinukob at sasabihing, "Mahal ko ang taong ito". Tama!

Kung ang buong katawan mula ulo hanggang paa ay ating katawan, pipiliin ba nating alagaan lamang ang isang daliri o bahagi? Hindi, magiging katawa-tawa iyon. Bagamat minsan ay sinasabi natin na maganda ang ating labi o buhok, minamahal natin ang bawat bahagi ng ating katawan nang pantay-pantay. Dahil kung wala ang bawat bahagi ng ating katawan, hindi tayo mabubuhay. Hindi tayo makakaramdam ng ganap na kasiyahan kung puputulin o sisirain natin ang kahit isang bahagi ng ating katawan. Masasaktan tayo, makakaranas tayo ng matinding kirot, lalo na kung tayo ay sensitibo pa sa pakiramdam. Tanging ang mga manhid na o maaaring may kondisyon, ang hindi nakakaramdam kapag sila ay

nakatama sa apoy o nasugatan ang isang bahagi ng kanilang katawan.

Ang mga ordinaryong sensitibong tao ay nararamdaman ang anumang problema sa bawat bahagi ng kanilang katawan. Kaya, ang isang pantas (matalinong tao) ay isang napaka-ordinaryong tao, isang tunay na dakilang tao. Dahil siya ay may malasakit sa lahat ng bagay. Kaya't hindi natin sinasaktan ang ibang may buhay. Kaya tayo ay nag-ve-vegan, upang mapalago ang ating sarili, at upang mapalago ang ating pagmamahal para sa lahat ng nilalang. Dahil sila ay bahagi rin ng ating pagkatao. Kung nais nating marating ang kabuuan ng ating tunay na sarili, kailangan nating alagaan ang lahat ng nilalang dahil bawat isa ay bahagi ng ating sarili. Iyan ang dahilan. Hindi dahil sinasabi ng mga utos o presepto. Ito'y dahil sa ating sensitibong damdamin.

Habang mas pinapalalim natin ang pagsasanay (ng meditasyin) ng pagiging isa sa langit at lupa, mas nagiging sensitibo tayo sa damdamin ng bawat may buhay sa sansinukob. At kusa nating sinusubukang pangalagaan sila. Siyempre, sa ilang mga pagkakataon na hindi maiiwasan, maaari nating piliin ang mas kaunting kapinsalaan, tulad ng pagiging vegan. Mas gugustuhin nating hindi kumain ngunit kailangan nating gawin ito.[12]

Ang vegan diet ay pag-iwas sa karahasan sa pinakamataas na antas, at ang vegan diet ay pag-ibig sa gawa. Hindi ba't tama? Oo, kung mahal natin ang mga hayop, bakit natin sila kakainin? Oo, sinasabi ng lahat na mahal nila ang mga hayop, ngunit paano? Sa pamamagitan ng vegan diet, matitigil ang 80% ng global warming, mawawakasan ang kalupitan simula sa ating plato, makakabuo ng mapagmahal at mahabaging enerhiya sa buong mundo, mahihinto ang kakulangan at polusyon sa tubig, mawawakasan ang kakulangan sa pagkain, maiiwasan ang gutom at mga digmaan, mapipigilan ang mga nakamamatay na sakit, at makakatipid ng malaking halaga sa buwis at pangmedikal na gastusin. Magkakaroon tayo ng mas magandang mundo at magagabayan ang mga bagong imbensyon at mabubuting organisasyon. At ang listahan ng mga benepisyo ay tuloy-tuloy pa.

Lahat tayo ay nagnanais ng mapayapang mundo at lahat tayo ay nagsasalita tungkol sa kung gaano natin nais ang kapayapaan at pag-ibig. Sa tingin ko, dapat natin itong simulan ngayon at hayaan ang kapayapaan magsimula sa ating mga plato. Hayaan ang pag-ibig magsimula sa ating pagpili. Hindi sapat ang anumang salita upang ilarawan ang lahat ng mga benepisyo ng vegan diet. At ngayon ay may espiritwal na aspeto rin. Kapag ang isang tao ay nakikibahagi sa direkta o di-direktang pagpatay ng anumang may buhay, maging tao man o hayop, siya

ay pumapasok sa siklo ng paghihiganti at karahasan. At matatapos lamang ito kapag tumigil siya sa paggawa nito.

Kaya kailangan nating mahalin ang ating mga kaaway. Dahil tanging ang pag-ibig at pagpapatawad ang may kapangyarihang sirain ang negatibong epekto ng galit at paghihiganti. Ngunit lahat ng mga Master at naliwanagang mga Santo noon pa ay sinabi na ito.[13]

Nais ko ang vegan na mundo. Kapayapaan sa mundo. Iyan lamang ang aking hiling. Araw-araw ko itong inuulit sa mga Langit, upang tiyakin na naririnig nila ako. Upang tulungan tayo. Dahil kung walang Vegan na Mundo, hindi magkakaroon ng pangmatagalang Kapayapaan sa Mundo. Kaya't hinihiling ko sa mga tao na manalangin at mag-meditate para lamang sa Vegan na Mundo. At ang Kapayapaan sa Mundo ay susunod din. Habang mas nagiging Vegan ang Mundo ngayon, mas magkakaroon ng mas maraming Kapayapaan sa Mundo. Ngunit dapat ito'y mas pangmatagalan. Mas mabuti na ngayon, ngunit hindi pa rin ito ang ideal na gusto ko. Mas maraming tao ang nagiging vegan ngayon. Mas may oras sila ngayong panahon ng COVID-19. Magsasama-sama sila o mag-isa, o kasama ang kanilang pamilya, o kasama ang isa o dalawa, at mas may oras silang magnilay-nilay. Nakikita natin ang veganism ay lalong lumalaganap ngayon. Nais kong makita na lumaganap

ito sa buong mundo. At sa lalong madaling panahon, wala nang mga hayop na naghihirap sa ating planeta, o mga taong naghihirap dahil sa digmaan at taggutom at lahat ng iyon.

Ipinapayo ko sa lahat ng mga lider na ipunin ang lahat ng pera na hindi kailangan, para sa digmaan o para sa ibang bagay na walang saysay na paggastos. Itago ang kanilang pera at ibigay na lang sa mahihirap. Bigyan sila ng tulong upang magsimula ng kanilang mga buhay, sa negosyo, sa edukasyon, o sa pagsasaka, sa pagbabago ng kanilang buhay mula sa negosyo ng karne tungo sa negosyo ng organic na vegan. Napakadali nito. At pagkatapos ay aalagaan na nila ang kanilang sarili. At habang mas maraming tao ang nagiging vegan, mas magiging kaunti na lang ang alalahanin ng mga lider ng gobyerno, dahil hindi sila magiging marahas kung may sapat na trabaho para sa kanila upang kumita ng pera, upang alagaan ang kanilang sarili; hindi sila kailanman magiging problema para sa gobyerno. Magkakaroon ng mas kaunting pagdurusa, mas kaunting karamdaman at mas kaunting kriminal sa mundo. At ito'y makabubuti sa lahat.

Iyan ang aking hiling: Vegan na Mundo, Kapayapaan sa Mundo, sa ngalan ng Diyos. Sa awa ng Diyos, sana'y dumating ito sa lalong madaling panahon. Amen.[14]

5

Meditasyon para sa Panloob at Pandaigdigang Kapayapaan

Ang kapayapaan ay nagsisimula sa atin, sa akin, sa iyo, at pagkatapos ay magiging sa buong mundo. Samakatuwid, kapag tayo ay nag-meditate at tumigil sa pagkain ng karne, magkakaroon tayo ng mas malalim na kapayapaan sa ating kalooban. At dahil dito, maglalabas tayo ng tahimik na enerhiyang mapayapa na maaapektuhan ang sinumang nasa paligid natin. Hindi natin kailangang magsalita tungkol sa kapayapaan, magkakaroon ng kapayapaan. Hindi na natin kailangang ipagsigawan ang kapayapaan, kusa itong lilitaw.[15]

Ang meditasyon ay napakapopular na ngayon. Hindi na nila sinasabi na "magnilay upang makita ang Diyos," kundi "magnilay para magrelaks, maging mas malusog, mas maginhawa, mas mahaba ang buhay, at maging matagumpay." Upang maging matagumpay sa bawat aspeto, kailangan nating maglaan ng oras sa araw para magpahinga—hindi para matulog, kundi para magnilay.

Alam na ito ng lahat dahil pinatunayan na ito ng siyensiya. Kung pipili tayo ng oras sa araw-araw para mag magpahinga at mag-meditate, magiging mas malusog ang ating katawan. Isa sa pinakamagandang paraan ay ang meditasyon; kung saan pipili ka ng oras araw-araw para mag-meditate.

Ito ang oras na dapat mong pahalagahan. Buong araw tayong nagtatrabaho, abalang nag-aasikaso ng mundo at ng iba. Kaya't kapag tayo'y nagme-meditate, ito ay oras para sa ating sarili. Dapat nating mahalin ang ating sarili—mahalin ang iba, pero mahalin din ang ating sarili.

Napakabuti nito para sa iyo. Ang pinakamahalagang oras para sa iyo simula nang ikaw ay isinilang hanggang ikaw ay pumanaw ay ang oras ng meditasyon. Walang makakabigay nito sa iyo; ikaw lang ang makakabigay nito sa sarili mo. Habang ginagawa mo ito para sa iyong sarili, ang iba ay natural ding makikinabang—ang iyong pamilya, mga kamag-anak, mga alagang hayop, at maging ang mga puno at bulaklak ay makikinabang din.[16]

Dahil tunay na ang meditasyon ang iyong pananggalang. Dito ka nakakonekta ng mas malalim sa iyong mas mataas na kapangyarihan at sa unibersal na puwersa na

sumusuporta sa'yo, humahawak sa'yo ng mahigpit, at nagpoprotekta sa'yo, niyayakap ka ng lahat ng pagmamahal, biyaya, at proteksyon. Ganun talaga ito. Walang ibang puwersa na makakapagprotekta sa'yo sa mundong ito. Iyon ang sikreto. Iyon ang sikreto ng sansinukob na hindi maraming tao ang nakakaintindi o may pribilehiyong malaman, pero minsan hindi ito binibigyan ng halaga ng mga tao at sila'y nagkakaroon ng problema at sakit at lalabas sila para kumuha ng gamot at magpapasalamat sa doktor. Ok lang iyon kung hindi ka pa malakas sa spetong espiritwal at tinatablan ka ng karma, kaya kailangan mong pumunta sa doktor. Pero mayroon tayong lunas sa loob natin. At maaari tayong maging laging malusog at malakas upang tulungan ang ating sarili at buhatin ang mundo, hanggang sa magising pa ang ibang tao at makiisa sa pagtulong.[17]

Ang Layunin Natin sa Mundo

"Bawat isa sa atin ay binigyan ng buhay bilang tao para sa layuning kilalanin ang Diyos. Kung tatalikuran natin ang tungkuling ito, hindi tayo kailanman magiging masaya sa buhay na ito o sa kahit anong iba pang buhay. Sa totoo lang, ito ang tunay na dahilan ng pagdurusa ng tao, at walang iba. Kung alam lang natin kung paano tayo naghirap sa sinapupunan ng ating ina, kung paano tayo nagsisi sa mga pagkakamali natin sa

mga nakaraang buhay, at kung paano natin ipinangako sa Diyos na gagamitin ang kasalukuyang buhay sa isang makabuluhang paraan upang paglingkuran Siya, hindi natin sayangin kahit isang segundo upang pag-isipan ang kahit ano pa, kundi ang sikaping kilalanin ang Diyos.

Ngunit pagkapanganak natin sa mundo, nakalilimot tayo sa lahat. Kaya't kinakailangan na may isang Master na pumukaw sa atin paulit-ulit, hanggang sa maalala natin ang ating ipinangako sa Diyos, sa loob ng sinapupunan ng ating ina. Maaaring hindi natin maalala sa pisikal na pag-iisip, pero ang ating kaluluwa, ang kakayahan ng ating karunungan ang magpapaalala sa atin."[18]

Meditasyon: Paano Maaalala ang Ating Tunay at Likas na Katangian

"Tuwing itinutuon mo ang iyong buong atensyon, nang walang ibang iniintindi kundi ang isang bagay, nang buong puso, iyon ay pagninilay. Sa panahong iyon, itinutuon ko lang ang atensyon ko sa kapangyarihan sa loob, sa pagkamaawain, sa pagmamahal, at sa awa ng Diyos, at iyan ang meditasyon. Upang gawin ito ng opisyal, dapat lamang tayong maupo sa isang tahimik na sulok at mag-isa, iyon ang proseso ng meditasyon. Ngunit hindi mo ito matatamo sa pamamagitang lamang sa pag-upo sa tahimik na sulok. Dapat muna tayong

makipag-ugnayan sa kapangyarihan sa loob at mag-meditate gamit ang kapangyarihan na iyon. Tinatawag itong Paggising sa Sarili. Dapat nating gisingin ang tunay na Sarili sa loob at hayaan Siyang magmeditate, hindi ang ating utak at pansamantalang pang-unawa. Kung hindi, uupo ka at mag-iisip ng libu-libong bagay at hindi mo kayang pigilin ang iyong mga pagnanasa. Ngunit kapag nagising mo ang iyong sarili, ang tunay na Sarili sa loob, ang kapangyarihan ng Diyos sa loob mo, ang siyang magkokontrol sa lahat ng bagay. Malalaman mo lamang ang tunay na meditasyon kapag ikaw ay nagising sa pamamagitan ng transmisyon ng isang tunay na Master. Kung hindi, ito'y magiging pag-aaksaya lamang ng oras sa pakikipaglaban sa iyong katawan at isipan."

Ano ang Master at Bakit Kailangan Natin Siya?

"Ang isang Master ay may susi upang ikaw din ay maging isang Master... upang matulungan kang mapagtanto na ikaw din ay isang Master at na ikaw at ang Diyos ay iisa. Iyan lang... iyan ang tanging papel ng isang Guro."

"Ang mga Master ay mga nilalang na naaalala ang kanilang pinagmulan at, mula sa pagmamahal, ibinabahagi ang karunungang ito sa mga naghahanap nito, nang walang bayad. Ibinibigay nila ang kanilang

buong oras, pananalapi, at lakas para sa mundo. Kapag narating natin ang antas ng pagiging Master, hindi lamang natin nakikilala ang ating Pinagmulan, kundi matutulungan din natin ang iba na malaman ang kanilang tunay na kahalagahan. Ang mga sumusunod sa direksyon ng isang Master ay mabilis na makakakita sa kanilang sarili sa isang bagong mundo, puno ng tunay na kaalaman, tunay na kagandahan, at tunay na mga kabutihan."

Inisasyon

"Ang Inisasyon ay nangangahulugang simula ng isang bagong buhay sa isang bagong kaayusan. Ibig sabihin, tinanggap ka ng Master upang maging isa sa mga nilalang sa sirkulo ng mga Banal. Kaya't hindi ka na isang karaniwang nilalang, ikaw ay inangat, tulad ng kapag nag-enroll ka sa unibersidad, hindi ka na isang estudyante sa hayskul. Sa mga lumang panahon, tinatawag nila itong pagbibinyag o pag-tanggap ng kanlungan sa Master.

Ang inisasyon ay talagang isang salita para sa pagbubukas ng espiritu. Kita mo, tayo ay pinapalibutan ng maraming uri ng hadlang, nakikita man o hindi, kaya ang tinatawag na inisasyon ay ang proseso ng pagbubukas ng pintuan ng karunungan at pagpapadaan

nito sa mundong ito, upang pagpalain ang mundo, pati na rin ang tinatawag na "Sarili." Ngunit ang tunay na "Sarili" ay palaging nasa kaluwalhatian at karunungan, kaya't hindi na kailangan ng pagpapala para doon.

Ang Paraan ng Quan Yin - Pagninilay sa Panloob na Liwanag at Tunog

Ang Panloob na Liwanag, ang Liwanag ng Diyos, ay siyang Liwanag na tinutukoy sa salitang "kaliwanagan". Ang Panloob na Tunog ay ang Salita na tinutukoy sa Bibliya: "Sa simula ay ang Salita, at ang Salita ay Diyos." Sa pamamagitan ng Panloob na Liwanag at Tunog natin makikilala ang Diyos.

"Kaya ngayon, kung sa anumang paraan ay makakonekta tayo sa Salita o Agos ng Tunog na ito, malalaman natin kung nasaan ang Diyos, o maaari tayong makipag-ugnayan sa Diyos. Ngunit ano ang patunay na tayo ay nakakonekta sa Salitang ito? Pagkatapos nating makipag-ugnayan sa panloob na Pagyanig na ito, ang ating buhay ay magbabago patungo sa kabutihan. Malalaman natin ang maraming bagay na hindi natin alam noon. Maiintindihan natin ang maraming bagay na hindi natin naiisip noon. Magagawa natin at maaabot ang mga bagay na hindi natin inisip na posible noon. Tayo ay patuloy na lumalakas at lumalago.

Ang ating kakayahan at pagkatao ay pinalalawak hanggang sa tayo ay maging naroroon sa bawat dako, hanggang sa maging omnipresent tayo, at doon natin mararamdaman na naging isa tayo sa Diyos.

Ang Limang Presepto o Panuntunan

Tinatanggap ni Supreme Master Ching Hai ang mga tao mula sa iba't ibang lahi at relihiyon para sa inisasyon. Hindi mo kinakailangan na baguhin ang iyong kasalukuyang relihiyon o sistema ng paniniwala. Hindi ka hihilingin na sumali sa anumang organisasyon o makilahok sa anumang paraan na hindi akma sa iyong kasalukuyang pamumuhay. Gayunpaman, hihilingin kang maging vegan. Ang isang panghabangbuhay na pangako sa vegan na diyeta ay isang mahalagang kundisyon para sa pagtanggap ng inisasyon.

Ang inisasyon ay ibinibigay nang libre. Ang araw-araw na pagsasanay ng Quan Yin Method ng meditasyon at ang pagsunod sa Limang Presepto ang mga tanging kinakailangan pagkatapos ng inisasyon. Ang mga Presepto ay mga patnubay na tumutulong upang hindi ka makasakit sa iyong sarili o sa ibang nilalang.

- *Iwasan ang pagkuha ng buhay ng mga nilalang na may pakiramdam. Ang presepto na ito ay*

nangangailangan ng istriktong pagsunod sa vegan na diyeta. Walang karne, isda, manok, gatas o itlog.

- *Iwasan ang pagsasalita ng hindi totoo.*
- *Iwasan ang pagkuha ng hindi iyo.*
- *Iwasan ang pakikiapid o pangangaliwa.*
- *Iwasan ang paggamit ng mga nakalalasing na bagay. Kasama na rito ang pag-iwas sa lahat ng klase ng lason, tulad ng alak, droga, tabako, pagsusugal, pornograpiya, at mga sobrang marahas na pelikula o akda.*

  **Kasama rin dito ang 2.5 oras araw-araw ng meditasyon sa panloob na Liwanag at Tunog.*

Ang mga pagsunod sa mga panuntunan na ito ay magpapalalim at magpapalakas ng iyong unang karanasan ng kaliwanagan, at magbibigay daan upang makamtan mo ang pinakamataas na antas ng Pagkamulat o Buddhahood para sa iyong sarili. Kung hindi ka magpapatuloy sa araw-araw na pagsasanay, malamang ay makakalimutan mo ang iyong kaliwanagan at babalik ka sa mababang antas ng kamalayan.[18]

Maaari nating mapanumbalik ang lahat ng kabanalang ito. Tunay na ipinapangako ko sa inyo ng buong katapatan at karangalan, na maaari natin itong makamtan. Ang bawat isa sa inyo na nakaupo diyan, anuman ang inyong edad, kung wala pa kayong

karanasan sa Langit, wala kayong talento noon, hindi pa ninyo alam kung paano mag-*meditate* – maaari ninyong makamtan muli ang kabanalan na ito, panumbalikin ito, basta't mayroon tayong tamang hakbang.

At ang unang hakbang ay ang lumipat sa isang mas mahabagin na pamumuhay, dahil iyon ang ating likas na katangian: tayo ay mapag-malasakit. Ang isang mahabaging vegan diet ay ang pangunahing pamamaraan ng isang mas mataas na nilalang, tanda ng isang tunay na tao. Ang isang tunay na tao ay hindi kailanman papatay. Ang isang tunay na nilalang ay hindi kailanman makakasakit ng iba, kahit na ang kanyang sariling buhay ay nanganganib. Ang isang tunay na maginoo ay matalinong humahakbang at nauunawaan na ang lahat ng nilalang ay konektado, at na sa pagkuha ng buhay, isinasakripisyo niya ang kanyang sariling makataong espiritu at kinukuha ang masamang kapalit ng pagpatay sa kanyang sarili.

Kaya, hindi lamang responsibilidad ng mga kabataang ito ang pagpapabuti ng antas ng kamalayan sa mundo – tayong lahat ay dapat magtulungan upang dalhin ang Langit sa Lupa. Kaya nating lahat itong gawin; napakadali lang. Sa aking grupo, pati ang mga bata na 5-6 na taon gulang ay nakakapagmeditate at nakaririnig ng panloob na melodiya, nakakausap ang Diyos. Kung

nais nating dalhin ang Langit sa Lupa, kung iyon ang ating nais, mangyayari ito.[19]

Paano Kami Kontakin

Kung nais mong malaman pa ang tungkol sa pagtanggap ng inisasyon mula kay Supreme Master Ching Hai sa pamamagitan ng Quan Yin Method, mangyaring makipag-ugnayan sa isa sa aming mga Meditation Center na malapit sa iyo mula sa sumusunod na listahan.

www.GodsDirectContact.org.tw/eng/cp/index.htm

6

Panawagan ni Supreme Master Ching Hai sa Lahat ng mga Relihiyoso at mga Espirituwal na Pinuno

Mga Kagalang-galang na mga Kabanalan, Lubos na Kagalang-galang na mga Pari, mga Monghe, mga Madre ng iba't ibang pananampalataya, ang aking taos-pusong pagbati at mapagkumbabang panalangin para sa inyong kalusugan sa awa ng Diyos. Bagaman limitado at mahalaga ang aking oras, dahil ako ay nasa isang malalim na meditasyon para sa World Vegan, World Peace, ngunit ang kagyat na panawagan ng planeta at ng ating mundo ay tinulak ako. Ramdam ko na kailangan kong maghatid ng ilang agarang mensahe sa inyong mga Mga Banal at Kagalang-galang. Bilang mga dakilang pinuno ng espiritwalidad, alam din ninyo ang pagkawasak na nagaganap sa ating planeta, na direktang kaugnay sa bumibilis na pagbabago ng klima na dulot ng malupit na pag-uugali at malupit na mga gawi ng tao, na hindi naman mahirap baguhin kapag ipatupad ang prinsipyo ng pag-ibig. Mangyaring pakisabi sa inyong mga mananampalataya ang katotohanang ito. Iparating sa kanila na kailangan nating magbago. Sapagkat HINDI NATIN MASASABING TAYO AY MGA ANAK NG

DIYOS KUNG PINAPATAY NATIN ANG IBA PANG MGA ANAK NG DIYOS. HINDI NATIN MAARING ANGKININ NA TAYO ANG MGA HINAHARAP NA BUDDHA KUNG PINAPATAY NATIN ANG IBA PANG MGA HINAHARAP NA BUDDHA, maging nasa anyo man ng tao o nasa anyo ng hayop. HINDI NATIN MASASABING MAHAL NATIN ANG DIYOS AT PAGKATAPOS AY SINISIRA NAMAN NATIN ANG KANYANG MGA NILIKHA NANG WALANG AWA. AT NGAYON AY SINISIRA NA NATIN ANG KANYANG PLANETA. Pakiusap, mangyaring ituro ito ng paulit-ulit sa inyong mga tapat na tagasunod na tumitingala sa Inyo, sa Inyong mga Kataas-taasang Kabanalan at mga Kagalang-galang bilang mga halimbawa ng habag at banal na pag-ibig. Sa Pag-ibig ng Diyos, maraming salamat.

Mga Kagalang-galang na mga Kabanalan, Lubos na Kagalang-galang na mga Pari, mga Monghe, mga Madre ng iba't ibang pananampalataya, ang aking taos-pusong pagbati at mapagkumbabang panalangin para sa inyong kalusugan sa awa ng Diyos. Bagaman limitado at mahalaga ang aking oras, dahil ako ay nasa isang malalim na meditasyon para sa World Vegan, World Peace, ngunit ang kagyat na panawagan ng planeta at ng ating mundo ay tinulak ako. Ramdam ko na kailangan kong maghatid ng ilang agarang mensahe sa inyong mga

Mga Banal at Kagalang-galang. Kung ang ating bahay ay nasusunog, hindi natin masasabi: "Wala akong panahon para dito!" Nasusunog ang ating planetang bahay!!! Ang liham na ito ay may parehong layunin. Dapat sanang ipadala ito sa pamamagitan ng koreo, ngunit babasahin ko na lang. Mas mabilis. Sa panahon ng emergency, ang labis na burukrasya ay hindi nakakatulong.

Sa Inyong mga Kabanalan at mga Kagalang-galang... Bagaman ang mga denominasyon ay iba't iba, naniniwala ako na naninilbihan tayo sa iisang Diyos. Kami ay lubos na nagapasalamat, ako ay lubos na nagpapasalamat sa Inyong mga Banal, at sa Inyo mga Kagalang-galang, sa inyong marangal, taos-pusong mga gawain, na inyong isinasagawa sa mga nakalipas na taon upang magkaisa ang mga tao sa pamamagitan ng pagpapakalat ng mensahe ng pag-ibig at awa ng Kataas-taasang Diyos sa sangkatauhan at sa lahat ng nilalang . Maraming salamat. Nawa ang Maykapal ay sumainyo ng walang hanggan.

Bilang mga dakilang espirituwal na pinuno, alam din Ninyo ang mabilis na pagkawasak na nagaganap sa ating planeta, na direktang nauugnay sa pagbabago ng klima na dulot ng malupit na pag-uugali at brutal na gawi ng mga tao, na hindi gaanong mahirap baguhin kung isasabuhay lang natin ang prinsipyo ng pag-ibig. Mangyaring sabihin sa Iyong mga mananampalataya

ang katotohanang ito. Mangyaring patuloy na paalalahanan ang iyong mga mananampalataya. Alam kong ginawa N'yo na, ngunit maaari nating gawin ang higit pa. Maraming salamat. Kailangan talaga nating magbago. Pakipaabot sa inyong mga mananampalataya na kailangan nating magbago. Kailangan nating magbago kung gusto nating sabihin na tayo ay mga tao, na tayo ang mga hinaharap na Buddha, na tayo ay mga anak ng Diyos! Dahil HINDI NATIN MASASASABI NA ANAK TAYO NG DIYOS KUNG PINAPATAY NATIN ANG IBANG ANAK NG DIYOS!

HINDI NATIN MAARING IGIIT NA TAYO ANG MGA HINAHARAP NA BUDDHA KUNG PINAPATAY NATIN ANG IBA PANG MGA HINAHARAP NA BUDDHA, maging nasa anyong tao man o hayop. Habang binabasa natin ang mga Buddhist Sutra, nalalaman natin na maging si Shakyamuni Buddha ay paulit-ulit na nagkatawang-hayop. At alam natin, sa Bibliya, sinabi ng Diyos na nilikha Niya ang iba't ibang uri ng gulay para kainin ng mga hayop at lumikha rin Siya ng maraming bagay para sa atin. Kung ang mga hayop ay walang halaga sa Diyos, hindi sana lumikha ang Diyos ng mga bagay para kanilang makain. Gaya ng pagmamahal ng Diyos sa atin, kaya lumikha ang Diyos ng mga bagay na maaari nating kainin. Sinasabi sa Bibliya na lumikha ang Diyos ng mga prutas at gulay sa bukid at iyon ang ating pagkain. (Banal na Bibliya, Genesis 1:29)

HINDI NATIN MASASABING MAHAL NATIN ANG DIYOS AT PAGKATAPOS AY SINISIRA NAMAN NATIN ANG KANYANG MGA NILALANG NANG WALANG AWA. AT NGAYON AY SINISIRA NA NATIN ANG KANYANG PLANETA.

Ngunit sa mahigit 74 bilyong mga hayop sa lupa lamang na walang awang pinapatay para sa pagkonsumo ng tao bawat taon, ang industriya ng paghahayupan at ang mga produkto nito ay responsable sa 87% ng mga greenhouse gas emissions na sanhi ng tao. Hindi lamang natin sinisira ang planeta sa pamamagitan ng ating mga kinokonsumo, ngunit ang hindi mabigkas na kalupitan ay nangyayari sa mga inosenteng hayop na wala namang ginawang mali. Higit pa rito, nilikha ng Diyos ang mga hayop upang maging ating mga kaibigan at mga katulong, hindi upang patayin at kainin sa ganitong barbarikong paraan! Ngayon ay ika-21 siglo na, sa awa ng Diyos.

Sa Banal na Bibliya, Job 12:7-8, sinasabi: "Ngunit tanungin mo ang mga hayop, at ituturo nila sa iyo, o tanungin mo ang mga ibon sa himpapawid, at sasabihin nila sa iyo. O magsalita ka sa Lupa, at ituturo nito sa iyo, o hayaang ipaalam sa iyo ng mga isda sa dagat." Kaya't ang mga hayop, ang Lupa na nilikha ng Diyos ay mga matatalino at kagalang-galang na nilalang, na ang presensya nila ay isang malaking biyaya sa mga tao.

Ngunit anong mga hindi mapapatawad na gawain laban sa Batas ng Diyos ang ginagawa natin sa mga nilikha ng ating Amang Makalangit? Sinisira natin ang mga nilalang ng Diyos mula sa lupa hanggang sa dagat! Ang kasuklam-suklam na kalupitan na ipinapataw sa mga inosenteng nilalang ng Diyos sa mga laboratoryo ng pagsusuri, sa industriya ng paghahayupan, pangingisda, industriya ng itlog, gatas, fur, kosmetiko, at iba pa... Ang mga industriyang ito ay hindi maitatangging kakila-kilabot at walang-awa. Ang mga ito ang nagdudulot kung bakit ang mga inosente, walang kalaban-laban, maaamong hayop, ang ating mga kasamang naninirahan, mga nilalang ng Diyos, ay ikinukulong at sinasaktan, minomolestya sa iba't ibang paraan nang walang pagkakataon na ipagtanggol ang kanilang sarili, o makasigaw man lang ng saklolo! Kahit na makasigaw sila para humingi ng tulong, tulad ng mga inang baka, mga inang baboy na umiiyak kapag ang kanilang mga anak ay kinukuha, binubugbog, sinisipa, at pinapatay, walang sinuman ang may malasakit. Kahit ang isang limang taong gulang na bata ay maiintindihan ang kanilang emosyon. Mas masahol pa ito kaysa sa maraming impyerno! Isipin nyo kung sila ay ating mga anak, ating mga kamag-anak, ating mga kaibigan, o sila ay tayo mismo! Sila ay mga buhay na nilalang na may emosyon, may pag-iisip, damdamin. Sinuman sa atin na nagkaroon ng pagkakataon na makasama ang isang alagang hayop, ay alam na sila ay may kanya-kanyang

personalidad, nararanasan nila ang pag-ibig, pag-aalaga, sakit at kalungkutan, kasiyahan at kasabikan. At katapatan; lubos na katapatan. At walang pagkakaiba sa pagitan ng isang alagang hayop sa bahay at ibang mga hayop na ikinukulong sa kanilang buong buhay sa kakila-kilabot na mga kulungan o mga masisikip na lugar, umulan man o umaraw, walang silungan, tinitiis ang lahat ng uri ng panahon, anumang masasamang kondisyon na hindi maisip, at ang kanilang mga buhay ay marahas na tinatapos sa mga katayan! Para sa pagkonsumo ng tao. Kung sa palagay pa natin na tayo ay tao sa kasong ito.

Para sa karagdagang impormasyon, mangyaring panoorin din ang mga sumusunod na inirerekomendang dokumentaryo, tulad ng: award-winning na “Cowspiracy,” “Earthlings,” “Dominion,” at award-nominated na “What the Health,” at iba pa. Maaari ring i-download nang libre ang “From Crisis to Peace” sa Crisis2Peace.org.

Sa lahat ng pangunahing relihiyon, may mga pagkakahalintulad, gaya ng mga prinsipyo: "Gawin mo sa iba ang nais mong gawin nila sa iyo" at "Huwag kang papatay." Ang "ahimsa" o hindi-pananakit, atbp... Maliwanag na lubos na ipinagbabawal ang pagkain ng anumang uri ng mga hayop, mga nilalang na may damdamin, sa lahat ng pangunahing sistema ng

paniniwala at banal na turo. Gayunpaman, marami sa mga anak ng Diyos, o mga mananampalataya, ang hindi sumusunod sa mga batayang gabay na ito, dahil tayo ay naligaw dahil sa mga maling pagkakaunawa na kailangan nating kumain ng laman ng mga hayop, isda, itlog, at gatas upang maging malusog. Ang katotohanan ay kabaliktaran - napatunayan sa siyentipiko at klinikal na mga pag-aaral na ang pagkain ng mga hayop ay sanhi ng di-mabilang na sakit sa tao, tulad ng mga kanser, iba't ibang uri ng kanser at mga sakit sa puso, na nagdudulot ng maagang kamatayan, at walang katapusang kalungkutan at pagdurusa bago iyon. Hindi lamang sa mga pasyente kundi pati na rin sa kanilang mga kamag-anak, mga kaibigan, pamilya at mga mahal sa buhay.

Ngayon ay panahon na upang magising at baguhin ang mga pisikal at espiritwal na hindi-mabuti sa kalusugan at malupit na mga gawi, at ang sukdulang kasamaan na kasama nito. Ang ating orihinal na pagkain, ayon sa Hardin ng Eden, ay ang vegan diet. Ito ay nagtataguyod ng pisikal, mental, at espiritwal na kagalingan. Maaari tayong magkroon ng masaya at malusog na buhay sa purong pagkaing halaman lamang. Ang mga artista, atleta, sportsmen, kampiyon sa martial arts, mga doktor, siyentipiko, mga nanalo ng Nobel Prize, atbp... ay mga kumikinang na patunay na ang vegan diet ay nagdudulot ng malusog na katawan at isipan. Ito rin ay

sumusunod sa "Huwag kang papatay," o "Ahimsa," na nangangahulugang walang karahasan, samantalang ang pagkain ng mga hayop ay labag sa kautusang ito mula sa Diyos. Kahit na hindi tayo ang pumapatay, tayo ang nag-uudyok sa iba na pumatay para sa atin. Ang mga hayop ay nagdurusa at namamatay pa din para lamang sa ating pagkain, na maari naman nating mapalitan ng anumang halamang pagkain. At ngayon, mas madali na ito. Kaya ang ating pagkatao ay nalulubog sa dugo dahil sa pagpatay ng mga inosente sa ating mga kamay. Pakituro ito nang paulit-ulit sa inyong mga tapat na tagasunod na umaasa sa Inyo, sa Inyong mga Kabanalan at mga Kagalang-galang bilang mga simbolo ng awa at banal na pag-ibig. Upang kanilang pakinggan ang Inyong mga salita! HINDI NATIN PWEDENG PABAYAAN SI SATANAS O ANG MAYA, ANG DIYABLO O ANG NEGATIBONG PWERSA, NA PATULOY TAYONG LINLANGIN, LABAN SA KALOOBAN NG DIYOS, at laban sa ating likas na katalinuhan at malasakit sa kapwa.

Bago ko ipagpatuloy ang liham na ito, babasahin ko ang ilang halimbawa ng pagbabawal sa pagkain ng laman ng mga hayop sa mga pangunahing relihiyon sa buong mundo. Baka may ibang nakikinig din. Mga nakakalimot na sa mga relihiyosong kautusan ng kanilang sariling pananampalataya. Kaya una, babasahin ko ito ayon sa alpabetikong ayos.

ANG BAHA'I FAITH

“Tungkol sa pagkain ng laman ng hayop at pag-iwas dito, alam mong tiyak na, sa pasimula ng paglikha, itinakda ng Diyos ang pagkain ng bawat nilalang na may buhay, at ang kumain nang taliwas sa pagpapasiya na iyon ay hindi kinalulugdan.”

~ Mga Piling Sipi mula sa Bahá'í na Mga Kasulatan tungkol sa Ilang Aspeto ng Kalusugan at Paggaling

BUDDHISM

"…LAHAT NG KARNE NA KINAKAIN NG MGA BUHAY NA NILALANG AY GALING SA KANILANG SARILING KAPAMILYA."

~ Lankavatara Sutra (Tripitaka No. 671)

"Gayundin, pagkatapos ng kapanganakan ng sanggol, dapat na mag-ingat na huwag pumatay ng anumang hayop upang mapakain ang ina ng mga putaheng may karne at huwag magtipon ng maraming kamag-anak upang uminom ng alak o kumain ng karne ... dahil sa mahirap na oras ng panganganak, naroroon ang mga hindi mabilang na masasamang demonyo, halimaw at duwende na gustong kainin ang mabahong dugo... dahil sa kamangmangan at maling pagpapasya sa pagpatay ng

mga hayop para kainin... ibinababa nila ang mga sumpa sa kanilang sarili, na masama para sa ina at sa sanggol."

~ Kristigarbha Sutra, Kabanata 8

Isa pa:

"Mag-ingat sa mga araw pagkatapos ng pagkamatay ng isang tao, na huwag pumatay o manira o lumikha ng masamang karma sa pamamagitan ng pagsamba o pag-aalay ng sakripisyo sa mga demonyo at mga diyos… dahil ang pagpatay o pagkatay na ginawa, o ang pagsamba na isinagawa o ang sakripisyo na inalay AY WALANG KAHIT KATITING NA PWERSA NA MAKAKABUTI SA YUMAO, NGUNIT MAGDADAGDAG LAMANG NG HIGIT PANG MAKASALANANG KARMA SA NAKARAANG KARMA, NA MAS MAGPAPALALIM AT MAS MAGPAPALUBHA NITO. ...kaya, MAAAANTALA LANG ANG KANYANG PAGKASILANG MULI SA ISANG MABUTING ESTADO.” O maaaring mapadali na mapunta sila sa impiyerno.

~ Kristigarbha Sutra, Kabanata 7

Ang karma ay nangangahulugang gantimpala o parusa. "Kung ano ang iyong itinanim, siyang iyong aanihin." Sa Bibliya, ito ay sinasabi rin. "Kung ano ang iyong itinanim,

siyang iyong aanihin." Iyan ang kahulugan ng karma sa mga terminong Sanskrit.

Isa pa:

“Kung ang mga bhiksu ay hindi magsusuot ng mga kasuotang gawa sa seda,” ang seda na gawa mula sa mga silkworm, “sapatos na gawa sa lokal na katad, balahibo, at umiiwas sa pagkonsumo ng gatas, krema, at mantikilya mula dito, sila ay tunay na makakalaya... Kung ang isang tao ay makakapagpigil sa kanyang katawan at isipan at sa gayon ay iiwasan ang pagkain ng laman ng hayop at pagsusuot ng mga produkto mula sa hayop, sinasabi ko na siya ay tunay na makakalaya.”

Ang ibig sabihin ng Bhiksus ay mga monghe.

~ Surangama Sutra

Isa pa:

"Kung ang alinman sa aking mga alagad ay hindi tapat na iniisip iyon at patuloy na kumakain ng karne, dapat nating malaman na siya ay mula sa lipi ng candela. HINDI SIYA KO SIYA DISIPULO at hindi ako ang kanyang guro. Kaya, Mahamati, kung mayroong nagnanais na

maging kamag-anak ko, HINDI SIYA DAPAT KUMAIN NG ANUMANG KARNE."

Ang ibig sabihin ng Candela ay mamamatay o mamamatay-tao.

~ Lankavatara Sutra

CAO ĐÀI-ISM

“Ang pinakamahalagang bagay ay itigil na ang pagpatay... dahil ang mga hayop ay may mga kaluluwa rin at nakakaintindi tulad ng mga tao... KUNG PAPATAYIN AT KAKAININ NATIN SILA, MAGKAKAUTANG TAYO SA KANILA NG DUGO.”

~ Mga Turo ng mga Banal, Tungkol sa Pagsunod sa Sampung Utos – Pag-iwas sa Pagpatay, Seksyon 2

KRISTIYANISMO

“Mga karne para sa mga tiyan, at mga tiyan para sa mga karne: ngunit ito at sila ay parehong wawasakin ng Diyos.”

~ 1 Corinto 6:13, Banal na Bibliya

Isa pa:

"At habang ang laman ay nasa pagitan pa ng kanilang mga ngipin, bago ito manguya, ang poot ng PANGINOON ay nagningas laban sa mga tao, at pinarusahan ng PANGINOON ang bayan sa pamamagitan ng isang napakatinding salot."

~ Numeros 11:33, Banal na Bibliya

CONFUCIANISMO

"Lahat ng tao ay may isip na hindi kayang makita ang paghihirap ng iba."

~ Mencius, Gong Sun Chou, Kabanata 6

“Ang nakatataas na tao, nang makitang buhay ang mga hayop, ay hindi makakatiis na makita silang mamamatay; nang madinig niya ang kanilang mga pag-iyak habang silang namamatay, HINDI NIYA KAYANG KAININ ANG KANILANG LAMAN.

~ Mencius, Haring Hui ng Liang, Kabanata 4

ĐẠO DỪA-ISM

“Upang magkaroon ng kapayapaan, ang sangkatauhan ay dapat munang magkaroon ng kapayapaan sa mga hayop; huwag natin silang patayin para kainin, sa gayon, magkakaroon ng kapayapaan ang mga tao.”

~Nam Quốc Phật Temple

ESSENES

"Ako ay naparito upang wakasan ang mga paghahain at mga kapistahan ng dugo, at kung hindi kayo titigil sa PAG-AALAY AT PAGKAIN NG LAMAN AT DUGO, ang poot ng Diyos ay hindi titigil sa inyo."

~ Ebanghelyo ng Banal na Labindalawa

HINDUISM

"Dahil hindi mo mabubuhay muli ang mga pinatay na hayop, ikaw ang may pananagutan sa pagpatay sa kanila. Kung kaya't ikaw ay mapupunta sa impiyerno; wala nang paraan para ikaw ay maligtas.”

~ Adi-lila, Kabanata 17, mga bersikulo 159-165

Isa pa:

"Siya na nagnanais na palakihin ang kanyang sariling laman sa pamamagitan ng pagkain ng laman ng ibang mga nilalang ay nabubuhay sa paghihirap sa anumang uri ng nilalang na maaaring ipanganak siya."

~ Mahabharata, Anu 115.47

Isa pa:

“O pinakamahusay sa mga Hari! Kung ang mga bagay na nakamit sa pamamagitan ng pananakit sa iba ay gagamitin sa anumang makabuluhang gawa, magbubunga ito ng hindi naayon sa inaasahan.”

~ Devi Bhagavatam, Ikaapat na Aklat, Kabanata 4, Talata 32

ISLAM

"Ang Allah ay hindi magbibigay ng awa sa sinuman, maliban sa mga nagbibigay ng awa sa ibang mga nilalang."

~ Propeta Muhammad (Sumakanya nawa ang kapayapaan), Hadith

Isa pa:

"Huwag hayaan ang iyong mga tiyan na maging libingan ng mga hayop!"

~ Propeta Muhammad (SumaKanya Nawa Ang Kapayapaan), Hadith

JAINISMO

“Ang isang tunay na monghe ay HINDI DAPAT TUMANGGAP NG MGA PAGKAIN AT INUMIN na inihanda para sa kanya NA MAY KASAMANG PAGPATAY NG MGA BUHAY NA NILALANG.”

~ Sutrakritanga

JUDAISMO

“At sinumang tao mula sa sambahayan ng Israel, o mula sa mga dayuhang naninirahan sa inyo, na kakain ng anumang may dugo*; ITUTUON KO ANG AKING GALIT SA KALULUWANG KUMAKAIN NG DUGO, at ihihiwalay ko siya mula sa kanyang bayan.”

~ Levitico 17:10, Banal na Bibliya

*dugo: ibig sabihin ay “laman,” na may dugo.

SIKISMO

"Yung mga mortal na kumukunsumo ng marijuana, karne at alak - kahit anong paglalakbay sa banal na lugar, pag-aayuno at ritwal ang kanilang sundin, lahat sila ay mapupunta sa impiyerno."

~ Guru Granth Sahib, pahina 1377

TAOISMO

"Huwag pumunta sa bundok upang manghuli ng mga ibon sa mga lambat, o sa katubigan upang lasunin ang mga isda at mga minno. Huwag katayin ang baka.”

~ Tract ng Tahimik na Daan

TIBETAN BUDDHISM

“Ang pag-aalay sa mga diyos ng karne na nakuha sa pamamagitan ng pagpatay sa mga buhay na nilalang ay tulad ng pag-aalay sa isang ina ng laman ng kanyang sariling anak; at ito ay malungkot na kasalanan.”

~ Ang Kataas-taasang Landas ng Pagiging Disipulo: Ang Mga Utos ng mga Guru, Ang Labintatlong Malubhang Kasalanan, Dakilang Guru Gampopa

ZOROASTRIANISMO

"Ako, si Ahura Mazda (ibig sabihin ay Diyos), ay pinaulan ang mga halamang iyon pababa sa lupa, upang magdala ng pagkain sa mga tapat, at kumpay sa mapagbigay na baka."

~ Avesta

atbp., at iba pa. Marami pa, siyempre. Ito ay ilang mga halimbawa lamang.

Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang SupremeMasterTV.com.

Kaya't anuman ang pananampalatayang kinabibilangan ng sinuman, dapat sundin ng lahat ang pinakamahalagang tuntunin: "Huwag kang papatay." Ahimsa. Pag-iwas sa karahasan

Ngayon ay panahon na para ang sangkatauhan ay bumalik sa orihinal na hangarin ng ating Diyos na Lumikha para sa lahat ng Kanyang mga anak – ang

mabuhay ng may dangal, respeto, kapayapaan, pag-ibig, at maging mabuting tagapangalaga ng ating mundo. Mangyaring ipaalala sa Inyong mga tapat na mananampalataya ang lahat ng ito at higit pa. Alam kong ginawa na Ninyo ito, ngunit mangyaring ulit ulitin itong muli, at ipaliwanag sa kanila na ito ay napakahalaga para sa kanilang mga kaluluwa pati na rin sa ating planeta, para sa ating mundo. Panahon na para matapos ang paghihirap ng lahat ng mga hayop, dahil sila ay may karapatang mabuhay sa kapayapaan, kalayaan, at dangal kasama ang kanilang mga mahal sa buhay sa kalikasan, gaya ng orihinal na hangarin ng Diyos.

Tulungan po natin na iligtas ang likha ng Diyos. Tulungan po natin na tapusin ang paghihirap ng mga inosente. Nagkakaroon tayo ng digmaan sa isa't isa, at nagkakaroon din tayo ng digmaan sa mga hayop. Ito ay hindi tama. Ang mga gawaing ito ay hindi tama. Ito ay labag sa mga utos at kalooban ng Diyos. Paki-paalala po ito sa Inyong mga tapat na mananampalataya. Tiwala po ako sa karunungan ng Inyong mga Kabanalan at ng lahat ng Inyong mga Kagalang-galang na manguna sa malaking pagbabago na ito! Kailangan nating magbago. Nananalig po ako na kayo, ang mga Kabanalan at Kagalang-galang, ang mangunguna sa dakilang pagbabagong ito, upang itaguyod ang vegan na pamumuhay, na sumasaklaw ng pag-ibig, habag, at

respeto sa lahat ng mga nilalang at sumusunod sa mga utos ng Diyos. Pakiusap po, ipakalat ito sa lahat ng inyong mga pari, madre, monghe, at mga tapat na alagad.

Ang kapangyarihan ng Inyong ipinagkatiwalaang posisyon ay magbibigay ng makabuluhan, epektibong inspirasyon sa mga mamamayan ng mundo na sundan ang Inyong pamumuno. Mangyaring maging "bayani ng ating panahon," iligtas lahat itong mga inosenteng nilalang, ang ating mga kapwa naninirahan sa mundo na tinatawag na mga hayop, na hindi kailanman nagdulot ng anumang pinsala. Sila ay mga biyaya sa ating mundo. Sila ay mga kamangha-mangha, mapagmahal, at mabait sa mga tao pati na rin sa kanilang mga kapwa naninirahang mga hayop. Sa aming Supreme Master Television, may sapat na halimbawa kami ng ganito, ng pag-ibig, habag, at kabaitan ng mga hayop na nairekord mula sa buong mundo. Pakisabi po sa inyong mga tapat na mananampalataya na panoorin ang mga ito. Hindi natin maaasahan ang Langit kapag tayo ay lumilikha ng impyerno o pinapayagan natin ang pagpatay, walang awang pagpatay, maramihan at walang-awang pagpaslang sa mga nilalang na minamahal ng Diyos. Hindi natin maaasahan ang awa ng Langit kung sisirain natin ang mga nilikha ng Diyos at wala tayong awa sa iba pang mga anak ng Diyos, at sila ay ang mga hayop.

Pakiusap, huwag nating balewalain ang kanilang napakasaklap na kalagayan. Alam ng Diyos ang kanilang araw-araw na pagdurusa. Nakikita ng mga Langit at ng Lupa ang kanilang pagdurusa. Ang kanilang mga sigaw ay nagbunsod ng pagyanig sa lahat ng Langit at sa puso ng maraming nilalang. Pakiusap, magsalita at manindigan para sa kanila, tulungan ninyo sila, dahil ito rin ay makakatulong sa ating mundo na magpagaling sa mabilis na pagbabago ng klima. Ang inyong marangal na gawa ay itatala ng Langit magpakailanman at mag-aambag sa isang mabait na atmospera sa ating planeta, sa kapayapaan sa buong mundo, at sa pagpapanormal sa klima, na mahalaga sa lahat ng buhay sa Mundo. Lahat ng buhay ay umaasa rin sa Inyong maawain na kilos.

Ang mga mamamayan ng mundo, ang mga hayop, at ang ating mga anak ay maaalala magpakailan pa man ang inyong makabayani, mahabaging mga gawa, at sila ay mananalangin para sa inyong masaya, maunlad, malusog at mahabang buhay sa pangalan ng Diyos. Ang laging Maawaing mga Langit ay masisiyahan. Ang mapagmahal na Diyos ay patatawarin ang ating mga kasalanan at pahahabain ang ating mga buhay, habang pinapatawad at pinapalawig natin ang mga buhay ng ating mga kapwa naninirahan sa mundo – ang mga mapagmahal, mababait na mga hayop.

Nawa'y pagpalain kayo ng Diyos, lahat ng Inyong mga Kabanalan at ang lahat ng Inyong mga Kagalang-galang, at pagpalain nang masagana ang Inyong banal na misyon, at nawa'y pagpalain ng Diyos ang ating mundo.

Amen. Salamat. Salamat, at salamat.

Sa Pag-ibig ng Diyos, salamat.[20]

7

Isang Kagyat na Mensahe mula kay Supreme Master Ching Hai sa Lahat ng Mga Pinuno at Pamahalaan sa Mundo

Mga kagalang-galang na mga pinuno at mga opisyal ng gobyerno, ako po ay lubos na nagpapasalamat sa inyo sa lahat ng inyong mga nagawa hanggang sa mga araw na ito, upang makatulong sa ating mundo sa abot ng inyong makakaya. Salamat po sa inyong lahat. Ito ay isang paalala lamang, dahil alam ko na alam ninyo kung ano ang tamang gagawin. Kailangan ninyong protektahan ang lahat ng nasa ilalim ng inyong pangangalaga – ang mga kapwa mamamayan at mga kapwa nilalang, iyon ay, ang tinatawag na mga hayop. Sila'y ganap na walang kalaban-laban at umaasa lamang sa kabutihan ng kapangyarihan ng tao. Ang katotohanan ay, WALANG MAAYOS NA PAGPATAY, wala ring legal na maramihang pagpatay ng mga inosente. ANG MUNDO AY NASUSUNOG, at nagbabanta na lumala anumang oras, ANG MGA TAO AT MGA HAYOP AY NAMAMATAY sa nakakabahalang bilis. Ang mga Langit at Lupa ay pinaparusahan tayo ng mga bago at mas kakaibang sakit. Ang mga mapaminsalang senyales ay kitang-

kita sa lahat ng dako. ANG MGA BABALA AY MALIWANAG at halatang-halata sa ating mundo! Ang pagbabago ng klima ay bumibilis. Ang mga industriya ng paghahayupan, isda, itlog, gatas, at iba pa, anumang may kinalaman sa mga hayop, ay ang mga pinakamalalang prodyuser ng nakamamatay na methane gas na nagpapainit sa ating planeta. Kaya, ang pagtigil sa mga mararahas at pumapatay na mga negosyong ito ay ang pinakamabilis na paraan upang palamigin ang ating Mundo. May kapangyarihan kayong itigil ang lahat ng ito. May pribilehiyo kayong IPATUPAD ANG BATAS NG VEGANISMO, ITIGIL ANG MGA NEGOSYO NA MAY KAUGNAYAN SA PAGDURUSA NG MGA HAYOP. Walang sakit, walang pagdurusa para sa lahat ng nilalang, tao man o hayop. Dahil ang kabutihan ay magbubunga ng kabutihan, at ang habag ay magbubunga ng habag. Ang awa ay magbubunga ng awa mula sa mga Langit. At ang BATAS NG VEGANISMO ANG PINAKA-EPEKTIBONG PARAAN UPANG ILIGTAS ANG ATING MUNDO. Kaya huwag n'yo nang takbuhan ang hindi maiiwasang desisyon na ito. Ganito kasimple: GAWIN LANG ANG BATAS NG VEGANISMO AT PIRMAHAN ITO. Bago pa mahuli ang lahat para sa inyo upang magdesisyon ng tama, bago pa maging huli na ang lahat para magsisi. Bago pa bumaba ang mas matinding galit ng Diyos sa atin sa anyo ng mas matitinding sama ng panahon, mas maraming salot, mas maraming takot, mas maraming buhay na mawawala, mas maraming mahalagang likas

na yaman ang mawawala, mas malalaking pinansyal na kalamidad. Magtrabaho para sa Diyos, kasama ang Diyos. Sa gayon magiging magaan, dalisay, at masaya ang iyong pakiramdam dahil GINAWA MO ANG TAMA, NGAYON. Gawin ang BATAS NG VEGANISMO upang iligtas ang ating mundo. GAWING BATAS ANG VEGANISMO.

Ito ay isang bukas na liham para sa lahat ng mga pinuno at pamahalaan sa buong mundo. Una sa lahat, nais kong magpasalamat nang taos-puso sa inyo na isinakripisyo ninyo ang inyong pribadong buhay, nagtatrabaho kayo sa di-regular na oras, mahabang oras upang maglingkod sa publiko, at upang maiangat ang antas ng pamumuhay ng ating mga kapwa mamamayan sa mas kanais-nais na antas sa maraming aspeto, habang isinasakripisyo ang personal na kaligayahan, kalusugan, at mahalagang oras, pati na rin ang pagtitiis ng mga kritisismo kung minsan. Nagpapasalamat ako lalo na sa mga pinuno at mahahalagang ministro, at iba pang matataas na posisyon sa mga pamahalaan sa buong mundo, na ginagawa ang kanilang makakaya upang pamahalaan ang mga bansa nang buong puso. Tinutulungan ko kayo, sa paraang ito at sa mga di-nakikitang paraan. Sinusuportahan ko kayo sa mentalidad at sa espiritwalidad. Kalakip ang lahat ng aking pagmamahal,

paggalang, at pinakamabuting hangarin, ipinapadala ko ang liham na ito sa ere upang linawin ang ilan sa inyong mga tanong, at marahil ang ilan sa aking mga hindi masyadong malinaw na layunin sa mga liham na ipinadala ko sa inyo dati. Ang pinakamahalagang sagot, siyempre, ay hindi tungkol sa kung paano pumatay ng maayos, sa halip ito ay HINDI DAPAT TAYO PUMATAY KAILANMAN, walang dapat payagan na anumang produktong hayop.

Kagalang-galang na mga pinuno at mga opisyal ng gobyerno, taos-puso akong nagpapasalamat sa inyong mga nagawa hanggang sa kasalukuyan upang makatulong sa ating mundo sa abot ng inyong makakaya, lalo na sa mga nakatataas na posisyon ng pamumuno, gaya ng mga hari, mga reyna, mga prinsipe, mga prinsesa, mga punong ministro, mga pangulo, at mga ministro ng iba't ibang kagawaran. Nagpapasalamat ako sa inyong lahat. Sa ngalan ng lahat ng mamamayan ng mundo, pinahahalagahan ko ang inyong mga nagawa. Hindi madaling maging isang pinuno at magtrabaho kasama ang napakaraming iba't ibang personalidad, iba’t ibang opinyon, at iba pa. Ito ay isang paalala lamang, dahil alam ko na alam ninyo kung ano ang tamang gawin. Alam ninyo kung ano iyon, oo, dahil kayo ay matatalino, kaya kayo ay napiling mamuno at tumulong saanman kinakailangan, sa sinumang nangangailangan, kasama ang ating mga kapwa

mamamayan – ang mga hayop. Pero alam ninyo kung ano ang gagawin. Alam ninyo sa kaloob-looban ng inyong puso kung ano ang nararapat para sa mundo. Ang Kalangitan ay nag-aatas sa inyo na maging responsable sa inyong mga gawain sa Lupa upang kumatawan sa katarungan, upang pangalagaan ang mga anak ng Diyos. At alam niyo ang kahihinatnan ng hindi tamang pagtupad sa inyong tungkulin. Kailangan ninyong protektahan ang lahat ng nasa ilalim ng inyong pangangalaga – ang mga kapwa mamamayan at mga kapwa nilalang, iyon ay, ang tinatawag na mga hayop. Sila'y ganap na walang kalaban-laban at umaasa lamang sa kabutihan ng kapangyarihan ng tao. Sumulat ako ng maraming liham sa inyong lahat, sa lahat ng nasa katawan ng pamahalaan. Marami sa inyo ang tumugon. Marami ang may mga katanungan, bawat isa'y may kanya-kanyang pananaw. Ang iba naman ay hindi tumugon, marahil ay kailangan pa ng panahon upang pag-isipan ang bagay na ito. Masakit isipin, hindi ba? Sapagkat naririnig ko ang daing ng mga hayop sa kanilang paghihirap, kaya paano hindi niyo ito maririnig? Kayo ay may higit na proteksyon, para sa kalusugan, at iba pa… Ang mahihirap na mamamayan ay may mas kaunti—ang marami sa kanila'y hirap na magkaroon ng kinakailangang proteksyon. At ang mga hayop, ganap na walang boses o kakayahang pumili, walang abogado upang ipagtanggol sila. Ipanalangin natin na ang Langit ay magkaroon ng awa sa atin at sa mga hayop. Ilagay

ninyo ang inyong sarili sa kanilang kalagayan, na walang-kakayanang-lumaban sa harap ng karahasan. Marahil ay pinagninilayan niyo pa ito? Nagpapasalamat tayo sa Langit para sa anumang tulong na naibibigay sa ating mundo at sa lahat ng nilalang sa planetang ito. Amen.

Ang mga hayop – mayroon silang mga kaluluwa, karunungan, kaalaman, at maging mga mahika, nakikita at di-nakikita. Minsan nakikita natin ito, at ito ay kamangha-mangha. Ikuwento ko sa inyo ang isa sa mga kwento. Nakatira ako sa isang medyo liblib na lugar sa bundok, mataas sa kabundukan. May ilang mga unggoy na pumupunta sa paligid ko, naghuhukay ng mga halamang-ugat para kainin. At binibigyan ko sila ng pagkain. Palagi silang nagpapasalamat sa akin. Sinasabi ko, “Sa Langit kayo magpasalamat. Ipinapasa ko lang ang regalo sa inyo. Sa Diyos kayo magpasalamat.” At tuwing nakikita nila ako, palagi nila akong binabati ng, “Hangad namin ang Iyong kabutihan.” “Woo! Woo!” Iyon ay “hangad ang Iyong kabutihan.” At ang salamat ay: “EŔ” Ganoon. Tuwing kumakain sila, dahil iniiwan ko ito sa labas, at hindi ko palaging maantay silang kumain, kaya nasa loob ako. At kahit naubos na nila ang pagkain, naghihintay sila. Ang hari ng mga unggoy ay naghihintay na lumabas ako o sumilip sa bintana at magsabi ng “EŔ!” bago siya umalis. Maraming kwento tungkol sa mga hayop na tumulong sa akin o nagpapakita ng kanilang talino, pero wala tayong sapat na oras upang sabihin

lahat dito. Siguro isa pang kwento tungkol sa gagamba na nagligtas sa akin. Ang gagamba. Ang gagambang ito ay napakalaki, mas malaki pa sa palad ko. Halos kasing laki ng nakaunat kong palad. Isang gabi, mga alas-dos ng umaga, nagme-meditate ako at bigla akong bumangon. Gusto kong magsulat ng isang bagay sa aking diary at nakita ko ang isang malaking gagamba at pangalawang beses na siyang pumunta para bigyan ako ng babala tungkol sa isang bagay. Kaya sinabi ko, “Ano na naman ngayon?” Sinabi niya sa akin, “Huwag mong patayin ang ilaw. Lumayo ka sa sofa.” At iniisip ko, “Bakit kaya?” At pagkatapos nakita ko ang isang ahas na gumagapang, na halos nakaabot na sa kinauupuan ko. Kaya siyempre, gumamit ako ng isang instrumento na parang lambat, ginagamit ito ng mga tao para hulihin ang paru-paro o anuman mula sa bahay para dalhin sa labas. Kaya ginamit ko iyon para hayaan siyang makagapang dito at inilabas ko siya. Talagang nagpapasalamat ako na iniligtas niya ang buhay ko noong araw na iyon dahil isa itong makamandag na ahas, base sa kulay at trianggulong-hugis ng ulo nito. At ang kwento tungkol sa mga unggoy ay mas mahaba pero ayokong magkwento masyado tungkol sa mga hayop dahil mahaba ang liham. Marahil ay ikukuwento ko ito sa aking tinatawag na mga disipulo sa ibang pagkakataon. At gayundin, ang kwento tungkol sa mga ardilya, atbp. Napakaraming kwento tungkol sa mga hayop na nagpakita sa akin ng kanilang talino at kabutihan. Sa totoo lang, tinanong ko ang

gagamba, “Bakit napakabuti mo sa akin? Iyan ang pangalawang beses na tinulungan mo ako.” Sinabi ng gagamba sa akin, “Oh, dahil napakabuti ng iyong puso. Hindi mo kami kailanman pinatay.” Sabi ko, “Patayin kayo? Paano ko maiisip iyon.” Sabi niya, “Hindi lang ang mga gagamba, inililigtas mo din ang lahat ng mga insekto sa iyong bahay. Hindi mo pinatay kahit alin sa amin na mga insekto. Kaya kailangan ka din namin tulungan.” Iyan ang sinabi niya.

Ang mga hayop, sila ay kamangha-mangha. Nakakalungkot para sa atin na hindi natin napapanatili ang ating telepatikong komunikasyon, na unibersal at napakadali para sa lahat ng nilalang na makipag-ugnayan sa isa't isa nang walang wika. Dahil napakarami nating wika, at ang mga hayop, mayroon din silang mga sariling wika, kaya mas madali sana para sa atin kung maalala natin kung paano makipag-ugnayan sa loob. At ang mga hayop, pati na ang mga puno, maraming beses na nila akong natulungan, kaya't talagang lubos ang aking utang na loob sa kanila. Kamakailan lang, dahil gumagawa ako ng napakaraming talumpati tungkol sa kapayapaan para sa mundo at kapayapaan para sa mga hayop, kaya siyempre, anumang natirang negatibong mga tauhan, ginugulo nila ako ng husto, gumagawa ng iba't ibang uri ng problema. Kung hindi nila ako direktang magulo, gumagawa sila ng problema para sa aking mga assistant, o kung ano pa man. Ginagawa nila

ito para aksayahin ang oras ko, para guluhin ang konsentrasyon ko mula sa aking mas pinaigting na meditation retreat.

Bagama't nasa retreat pa rin ako, sinabi sa akin ng Diyos na kailangan ko itong isulat para sa inyo. Wala na akong sapat na oras para magsulat nang madalas para sa bawat isa tulad ng dati. Kaya ipadadala ko ito sa himpapawid. Siguro mas madali na lang pakinggan ito, sapagkat iisa lamang ang kasagutan: ang VEGAN NA DIYETA, ang VEGAN NA MUNDO, na siyang magliligtas sa ating planeta at magdadala ng pangmatagalang kapayapaan sa lahat ng nilalang sa mundo. Siguro alam niyo na ang nararapat gawin—sana ay ganon. Nakikita ko ang mga munting hakbang na patungo sa mapagmalasakit na mundo ng veganismo. At mabuti na lang, maraming bansa ang tumutulong sa mga nangangailangan at sa mga kapos-palad sa buong mundo, at labis akong nagpapasalamat para diyan. Salamat sa Diyos at pagpalain kayo. Tiyak na mas mabuti na ang ating mundo ngayon. NGAYON, MAY ISA PA TAYONG HAKBANG: ANG HAKBANG PATUNGO SA VEGANISMO. Kapag ito ay nagawa, magiging perpekto na ang lahat. Magiging mapayapa ang lahat. Magiging mas kalmado at masaya ang bawat isa. Mas mapayapa at mas masaya kaysa sa ngayon. Maaaring maging paraiso rin ang ating mundo.

Ngunit iniisip niyo pa rin kung ano ang dapat gawin upang maisabatas ang veganismo, upang maiparating sa lahat ang pagiging vegan, at tuluyan nang iwasan ang anumang uri ng karne, itlog, gatas, at isda. Kapag sinabi kong 'karne,' kasama na dito ang isda at anumang may buhay. Kahit ang mga itlog ay hindi rin mabuti para sa atin, dahil nauugnay din ang mga ito sa maraming pagpatay. Ang pagpapadami ng anumang uri ng hayop ay nagpapalala sa pagbabago ng klima ng ating planeta, dulot ng methane at ng iba pang mga suliraning pang-ekonomiya. Napapa-isip kayo ng malalim. Marahil kaya rin kayo nagpupunyagi na maiwasan ang pinakamatinding kaaway ng ating mundo. Ang pangunahing sanhi ng pagkasira ng ating katayuan bilang tao, na nagdudulot ng kamatayan sa bilyon-bilyong tao at hayop; binabaldado, nilulumpo nito ang milyun-milyong buhay, at nagpapatuloy ito araw-araw!

Ngunit wala na tayong panahon upang mag-isip pa. Pakiusap, KUMILOS NG MABILIS. Dapat nating ITIGIL ANG LAHAT NG ITO. Tayo ay isang sibilisadong lahi, mga nilalang na may katalinuhan. Ika-21 siglo na. Maraming mga Master ang dumarating at umaalis, at tinuturuan tayo ng pagmamalasakit at kabutihan para sa lahat ng nilalang. Hindi na natin maaaring ipagpatuloy ang pagmasaker sa ibang nilalang o sa kapwa-tao. Nasa inyo ang kapangyarihang itigil ang lahat ng ito. Nasa inyo ang pribilehiyong IPATUPAD ANG BATAS NG VEGANISMO,

WAKASAN ANG ANUMANG NEGOSYO NA NAGDUDULOT NG PAGDURUSA SA HAYOP. Wala nang sakit at pagdurusa para sa lahat ng nilalang, tao man o hayop. At ang BATAS PARA SA HAYOP ANG PINAKAMAINAM. ANG BATAS NG PAGPROTEKTA SA HAYOP, ibig sabihin ay BATAS NG VEGANISMO, na wala nang pagdudulot ng anumang pinsala, anumang sakit, anumang takot sa mga hayop. Sapagkat ang kabutihan ay magbubunga ng kabutihan, at ang malasakit ay magbubunga ng malasakit. Ang awa ay magbubunga ng awa mula sa Kalangitan. 'Kung ano ang iyong itinanim, iyon din ang iyong aanihin.' Iyan ang sinasabi ng Bibliya. Iyan din ang sinasabi ng lahat ng pangunahing relihiyon sa mundo. At ang BATAS NG VEGANISMO ANG PINAKAMABISANG PARAAN UPANG MAILIGTAS ANG ATING MUNDO.

Dahil alam na ninyong mabuti sa ngayon, sa babala ng UN, sa pamamagitan ng mga ulat ng siyentipikong pananaliksik, alam ninyo, alam natin na ang karne, isda, itlog, gatas, mga test sa laboratoryo sa mga hayop, industriya ng balat, LAHAT NG MAY KINALAMAN SA PANANAKIT SA MGA HAYOP, maging alagang hayop o mga hayop sa kagubatan, AY NAKAPIPINSALA SA ATING MUNDO. Pinag-uusapan natin ang lahat ng tungkol sa pagbabawas ng klima, o pagbabawas ng polusyon sa hangin PERO ang pag-aalaga ng hayop, isda, itlog, industriya ng gatas, atbp., anumang may kinalaman sa

mga hayop, ay ang nangungunang sanhi ng nakamamatay na methane gas na nagpapainit sa ating planeta. Kung kaya't ang pagtigil sa mga malupit, nakamamatay na mga negosyo ay ang pinakamabilis na paraan sa pagpapalamig ng ating Mundo.

Maiba ako, ang mga balyena, ang malalaking higanteng maaamong "mga isda" sa dagat, sila ay mga tagapagligtas ng ating mundo, mga tagapag-ipon ng oxygen. Itinatabi nila ang CO2 sa kanilang katawan sa loob ng mahabang panahon, at gumagawa sila ng hindi bababa sa 50% oxygen sa hangin para sa ating mundo. Akalain n'yo iyon? Gayunpaman, may mga tao na nangangaso sa kanila, para kainin! At ginagawang dahilan ang siyentipikong pananaliksik. Para saan na kailangan pa nating pag-aralan ang isda na namumuhay sa karagatan ng daan-daang libong taon? Kung hindi natin sila gagalawin, hayaan lang natin sila, ang Diyos na ang mag-aalaga sa kanila. May isang ulat. Babasahin ko ito sa inyo, mula kay Dr. [Ralph] Chami, Dr. Thomas Cosimano, Dr. Connel Fullenkamp at Sena Oztosun na ipinalabas namin kamakailan lang sa aming na Noteworthy News, sa Supreme Master Television, noong Disyembre 28, 2019. Para sa iyong sanggunian, narito ito: "Ang ulat mula sa International Monetary Fund ay nanawagan para sa agarang konserbasyon ng mga balyena upang matugunan ang pagbabago ng klima" –kita n'yo! Napakatalino. "Sinuri ng mga

ekonomista mula sa Amerika ang mga pananaliksik tungkol sa papel na ginagampanan ng mga balyena sa pag-iimbak ng carbon. Ayon sa ulat na inilathala sa 'Finance & Development' ng IMF, ipinaliwanag nila na ang isang balyena ay kayang mag-imbak ng tinatayang 33 toneladang carbon sa buong buhay nito, samantalang ang isang puno ay nag-aabsorb lamang ng hanggang 22 kilo bawat taon. Ang carbon ay nakaimbak sa katawan ng balyena at nananatili sa labas ng atmospera sa loob ng daan-daang taon, kahit na siya ay pumanaw na." Nanantili ito sa katawan ng balyena na wala sa kalawakan. Isipin mo 'yon? Ang Diyos ay nagtalaga ng maraming mga tagapagtago, mga anghel na nakabalatkayo, sa anyo ng mga hayop, upang tulungan tayo. Natural, ang mga balyena ay mananatili sa dagat, kung pumanaw siya ng natural sa dagat, sya ay mananatili doon. "Dagdag pa rito, ang mga gawain ng mga balyena habang sila ay nabubuhay ay nagtataguyod sa pagpalaganap ng phytoplankton." Uulitin ko: Ang mga balyena ay gumagawa ng phytoplankton, na nagbibigay ng hindi bababa sa 50% ng oxygen sa atmospera at humihigop sila ng 40% ng pandaigdigang carbon taon-taon." Apatnapung porsiyento. Ang mga balyena ay nakakakuha ng 40% ng pandaigdigang carbon taon-taon. Mantakin niyo yan. Wow. Sa buong buhay nila. Lahat ng balyena ay ganyan. At iyan ang kanilang misyon. Uulitin ko: "Ang mga balyena ay nakakatipon ng 40% ng pandaigdigang carbon taon-

taon." Ang mga balyena. Narito ang website para mabasa ninyo ito ulit. Oh, ilalagay ko ito sa screen para mabasa n'yo. OK?
https:www.imf.org/external/pubs/ft/fandd/2019/12/natures-solution-to-climate-change-chami.htm

Bumibilis ang ating klima, nanganganib ang ating mundo. Ngunit parang nagpaikot-ikot pa rin kayo ng walang katapusan, marahil ay nag-iisip pa rin kung ano ang dapat gawin. May kung anu-ano kayong binabanggit, ngunit hindi nakasentro sa target. Pinatatamaan natin ang maraming punto subalit hindi ang sentro. Katulad ng pagkamot sa labas ng makapal na medyas ay hindi nakakapag-alis ng kati. Sa ngayon, binalaan na tayo ng mga siyentipiko ng XXXXX beses, maraming beses, paulit-ulit, sa pamamagitan ng ebidensya - na ang veganismo ay ang pinakamahusay, pinaka-epektibong paraan upang mabawasan ang pag-init ng mundo, bawasan o matigil ang pagbabago ng klima, papirmihin ito, ay mabuti para sa ating lahat, sa mga tao at mga hayop na nangungupahan dito. Oo, tayo ay mga nangungupahan lamang sa bahay-mundo na ito. Wala tayong karapatang sirain ito nang hindi pinagmumulta ng mabigat.

Isinusulat ko lamang ito habang ang mga salita ay pumapasok sa aking isipan nang hindi gaanong nakaayos. Pasensiya na. Dahil sa naghihirap kong puso,

hindi madali para sa akin na maging mabulaklak o magpaikot-ikot sa aking pananalita. Ang Diyos ang nagdidikta sa aking kamay habang ang mga panalangin ay sumisigaw sa aking puso para sa isang VEGAN NA DAIGDIG, upang magkaroon tayo ng pangmatagalang KAPAYAPAAN sa MUNDO para sa lahat sa Mundo! Mangyaring manalangin sa Diyos at gawin ang iyong bahagi. Magagawa ninyo ito, mayroon kayong kapangyarihan na akayin ang mga mamamayan ng mundo sa tamang paraan ng pamumuhay, na nakalulugod sa Langit at Lupa at lahat ng mga nabubuhay dito. Tayong lahat ay nasa hustong gulang na, mga tapat na mamamayan, may takot sa Diyos, may paggalang sa batas. Kaya hindi na kailangang ang pambobolang peke. Iginagalang ko kayo, ang inyong katalinuhan, kaya hindi ako magsasabi sa inyo ng hindi tapat at walang katotohanan. At kalooban nating lahat ay malinaw sa mata ng mga Langit, at araw-araw ay napakaraming pagdurusa sa buong mundo, na nasasaksihan ng Langit at Lupa.

Alam nating lahat na ang pagkain ng karne ay ang nangungunang sanhi ng pagkamatay sa ating mundo. Ngunit tila sa akin, karamihan, ang ilang mga pamahalaan ay nagsisikap na matakpan ito sa pamamagitan ng pagpuntirya o paglihis ng atensyon sa anumang iba pang mga paksa o aktibidad na may napakababa o walang epekto. Dapat nating tanungin

ang ating mga sarili kung nais nating maging nasa panig ng pagka-makatao, panig ng Diyos o panig ng mamamatay??? Pakiusap sagutin n'yo ang inyong mga sarili at kumilos na ngayon ukol dito. Kumilos ayon sa mabuting panig ng Diyos, o matatala tayo sa kaysaysayan bilang mga mamamatay-tao. . . Dahil ang kahihinatnan ay mas malala kaysa sa anumang digmaan at pagpatay na pinagsama-sama hanggang ngayon. Alam ninyo iyan dahil kayo ay matalino. Alam ninyo iyan dahil kayo ay matalas ang pag-iisip. Oo! Matatalino kayo para kumilos o para mapili bilang mga pinuno. Sa ilang bansa sa Asya, ang mga pinuno at mga pamahalaan ay tinatawag na "mga magulang ng mga tao." Kung sakaling na-offend ko kayo, taos-puso akong humihingi ng paumanhin ngunit kailangan ko pa ring gawin ito, dahil lahat tayo ay nanganganib sa pagkalipol – ang mga tao at mga hayop. Kailangan [natin] magsalita dahil ang MUNDO AY NASUSUNOG, nanganganib na lumala anumang sandali, ANG MGA TAO AT MGA HAYOP AY PUMAPANAW sa nakakaalarmang bilis. Sinasalanta tayo ng Langit at Lupa ng mga bago, mas kakaibang mga karamdaman. Ang mga mapanganib na senyales ay kitang-kita saanman. Ang MGA PALATANDAAN NG MGA BABALA AY MALIWANAG at kitang-kita sa ating mundo!

Kailangang may magsalita nang mas malakas. Kailangan kong magsalita ng mas malakas. Lahat ng gobyerno ay pumirma ng protokol sa pagbabawas ng karne, subalit

wala pang nagagawang konkretong hakbang tungo rito. Oh! Panginoong Diyos tulungan Ninyo ang aming mundo! Ngunit marahil ayaw na tayo pakinggan ng Diyos. Maaring ayaw na ng Diyos na makinig pa sa ating mga panalangin, dahil ang inyong mga kamay ay puno ng dugo ng mga inosente. Iyan ay mula sa Biblia na marami sa inyo ay pamilyar. Iyan ay nasa Isaias kabanata 1:15. Ayaw dinggin ng Diyos ang ating mga panalangin kung hindi natin babaguhin ang paraan ng ating pamumuhay at hugasan ang ating mga kamay sa mga kasalanan na ating nagawa sa pagpatay ng maramihan sa ibang nabubuhay na mga nilalang. Bakit kailangan nating gumawa ng mga bagay na labag sa kalooban ng Diyos? Bakit kailangan tayong gumawa ng mga bagay na labag sa ating konsiyensya? Laban sa anumang lohika at rason ng isang matalinong lahi? Tayo dapat ay "ang Korona ng Paglikha," ang mga anak ng Diyos, ang mga magiging Buddha sa hinaharap.

Sa isang banda, sinasabi natin na gumagawa tayo ng batas para protektahan ang mga hayop mula sa pinsala, mula sa pagmamaltrato o pananakit o anumang uri ng takot. Ngunit sa kabilang banda, brutal na pinapatay sila nang maramihan, at pinapadaan sa hindi masabi na pagpapahirap bago sila mamatay. KAYA ITO AY ISANG KONTRADIKSYON NA HINDI KO NAUUNAWAAN. O baka iniisip ninyo na ang pagsisiksik sa kanila sa isang masikip na lugar, pagkakadena sa kanila, paglubog sa kanila sa

mga tangke ng pang-sterilize, pagputol ng kanilang mga lalamunan habang buhay pa, atbp… ay mga gawa ng kabutihan at pagpoprotekta? Ang mga ito ba ay mga gawa ng kabaitan at pagpoprotekta? At ang mga ito ba talaga ay mga batas na may katuwiran? Ang katotohanan ay WALANG PAGPATAY NA MAKATAO, walang naaayon sa batas sa maramihang pagpatay ng mga inosente. Wala silang anumang ginawa para saktan tayo. Wala silang ginawang anumang krimen. Iyan ay hindi makatarungan. Iyan ay hindi hustisya. Mangyaring isipin iyan at mag-isip ng mabilis. Kaya kailangan nating gawin ang kasalungat. Pakiusap IDEKLARA ANG BATAS NG VEGANISMO, NGAYON NA. WALA NG MGA ANUMANG PRODUKTO MULA SA PAGHIHIRAP NG MGA HAYOP. Ganun lang ka simple, napakasimple. Ibaba lang ang kapirasong karne na may dugong tumutulo, lahat, mula ngayon, mula sa kung anong uri ng nabubuhay na nilalang ang pinanggalingan ng karne o produkto. Ipagbawal lamang natin ang lahat ng ito. GAWIN ANG BATAS NG VEGANISMO AT PIRMAHAN ITO. Ipagbawal ang lahat na paraan sa pagpapahirap ng mga hayop, ipagbawal ang lahat ng ito kung ibig pa natin na tubusin ang ating mga sarili at sagipin ang ating planeta. Bibiyayaan tayo ng Diyos ng mas marami pa. Sinabi na Niya ito, “Ayaw Niya ang mga pag-aalay ng mga pinatay na hayop para sa Kanya,” ayon sa Bibliya. “Huwag kayong mag-alay sa akin ng mga sakripisyo. Huwag kayong mag-alay sa akin ng mga pinatay na hayop.” Oo.

Iyan ay matatagpuan din sa Bibliya. “Kung itataas ninyo ang inyong mga kamay sa panalangin, hindi ako titingin. Kahit kayo ay nag-aalay ng maraming dasal, hindi ako makikinig, dahil ang inyong mga kamay ay puno ng dugo ng mga inosenteng biktima” Sila ay mga biktima.

Isinuot ko itong puting putong [sa noo]. Ito ay tradisyon sa Asya. Ito ay isang tanda ng pagluluksa. Pakiusap sabayan ninyo ako sa pagluluksa. Pakiusap ipagdasal natin ang lahat ng mga inosente, nagdadalamhating mga kaluluwa na nagdusa mula pa noong hindi na mabilang na libu-libong taon sa kamay ng mga tao, digmaan at pagpatay para sa pagkain, atbp., at manalangin para sa kanilang pagpapalaya. Manalangin para sa paglaya nila mula sa dalamhati, kalungkutan, poot. Hayaan silang pumaroon at magpahinga sa mataas na mga Langit. Kung ayaw ng Diyos na alayan Siya ng mga pinatay na mga hayop, paano pa kaya Niya gugustuhin kung papatayin natin sila at kainin ang duguan nilang laman? Kaya wag na ninyong takasan itong hindi na maiiwasang desisyon. Sa ngayon, napakarami ng masasarap na vegan na pagkain sa anumang dako. Malusog, masaya para sa lahat, mga tao at mga iba pa. Mas maaga tayong magdesisyon na gumawa ng Batas Vegan, mas mabuti para sa ating konsiyensya, para sa ating lahat na naririto sa planeta; upang maligtas tayo sa paghuhukom. Kaya kumilos ayon sa inyong mapagmahal na likas na katangian. Oh, aking

mga kapwa-nilalang na maawain, binigyan kayo ng Diyos ng kapangyarihan upang alagaan ang ating daigdig. Ano ang ginagawa ninyo tungkol dito? Pakiusap, kumilos na kayo ngayon at iligtas ang ating mundo. ITAGUYOD ANG BATAS NG VEGANISMO AT PIRMAHAN ITO. Bago pa mahuli ang lahat para gumawa ng tamang desisyon, bago pa mahuli para magsisi. Bago bumaba pa ang galit ng Diyos sa atin—higit pang masamang panahon, mas maraming salot, mas maraming takot, mas maraming buhay ang mawawala, mas maraming mahahalagang mga likas na yaman ang maglalaho, mas malaking krisis sa ekonomiya. Si Haring David ng sinaunang panahon ay nagkasalang makapatay ng isang tao lamang, ngunit pinarusahan ang kanyang mga mamamayan ng tatlong araw na salot. Sa ating panahon, tuloy-tuloy ang mga salot—saan pa tayo makakatakas?

Mga Nakamamatay na Epidemya / Pandemya na Nag-umpisa Dahil sa Pagkain ng Mga Hayop

- HIV/AIDS – naipasa ng mga chimpanzee
- Variant Creutzfeldt-Jakob Disease (Mad Cow Disease) – naipapasa ng mga baka
- H5N1 Avian (Bird) Flu – naipapasa ng mga manok, gansa
- SARS (Severe Acute Respiratory Syndrome) – naipasa ng mga musang

- H1N1 Swine Flu (Sakit ng Baboy) – naipapasa ng mga baboy
- MERS (Middle East Respiratory Syndrome) – naipasa ng mga kamelyo
- Ebola – naipapasa ng mga paniki
- COVID-19 – naipasa mula sa mga paniki patungo sa mga pangolin

Lahat ng mga sakit na ito ay naipasa MULA SA HAYOP TUNGO SA MGA TAO

Saan pa tayo maaaring lumipat? Iisang lang ang ating planeta. At ang mababangis na sunog, mga bagyo, mga lindol, mga tsunami atbp.... na walang humpay. Ang mga Langit at Lupa ay nayanig sa kailaliman, habang nakikita ang mga kalupitan na ipinapataw natin sa ating kapwa tao at mga hayop na nangungupahan sa Mundo. Kaya, ang lahat ng mga uri ng kalamidad ay hindi maiiwasan. Sa pinakahuling salot sa Wuhan, ang maramihang pagkamatay ng mga tao ay patuloy pang tumataas, milyon-milyong mga tao, ay naka-quarantine. Kahit na ang bilang ng mga namamatay at naka-quarantine ay pinaliit ng ilang mga gobyerno, sa takot na maalarma ang publiko, sa takot sa epekto nito sa ekonomiya! Sigurado akong alam ninyong lahat. Mangyaring buksan ang inyong mga mata, buksan ang inyong isipan, buksan ang inyong puso, tingnan ang katotohanan sa inyong paligid. Gamitin ang inyong may

pribilehiyong kapangyarihan na iginawad ng Diyos sa inyo na gawin ang tama para sa ating mundo. Inilagay kayo sa mga matataas na posisyon upang pangalagaan ang lahat ng tao sa planetang ito, upang gawin ang tama, upang maging isang mabuting tagapangasiwa sa Mundo. Kaya't huwag na ninyong sayangin pa ang inyong oras at ang pagpapala ng Diyos. Gawin n'yo na ito ngayon, baguhin n'yo na ito ngayon, huwag nang mag-isip pa, bago ang mga bagay-bagay ay hindi na makontrol. Bago dumating ang sakuna sa atin nang biglaan at wala na tayong oras para tumugon. Ang aking mga panalangin ay kasama ninyo, ang mga panalangin ng aking mga mapagmahal na kasamahan ay kasama ninyo. Magtrabaho para sa Diyos, kasama ang Diyos. Magiging mas malakas, mas masaya at mas magaan ang pakiramdam n'yo, sa katawan, isip at kaluluwa, ang pasanin ng pagkakasala sa inyong puso ay mawawala. Kaya magiging magaan ang pakiramdam n'yo, dalisay at masaya sa pa PAGGAWA NG TAMA, NGAYON NA. Gawin ang BATAS ng VEGANISMO para iligtas ang ating mundo. GAWING BATAS ANG VEGANISMO.

Hindi gusto ng Diyos ang anumang pagdurusa para sa anumang nilalang. Hindi [Niya gusto] ang anumang dugo, anumang laman ng mga hayop o anumang iba pang mga nilalang. Hindi [Niya gusto] ang mga pagkakapon. Para saan? Ano ang naidudulot na kabutihan sa Diyos ng pagdusahin at patayin ang mga

walang kalaban-labang mga sanggol? Mga iilang araw lang mula ng isilang at kailangan ng magdusa at mamatay sa hindi mabilang na dami mula nang magsimula ang gawaing ito, dahil sa mga kaugnay na mga epekto pagkatapos. Pagdurugo o impeksiyon. Isipin ninyo ang pighati ng mga magulang. Isipin ninyo kung ano ang mararamdaman ng Diyos? Pinagdudusa din natin ang Diyos. Dahil ginawa tayo ng Diyos ayon sa Kanyang anyo. Tayo ay mga anak ng Diyos. Kapag ang mga bata ay nagdurusa, ang Diyos ay nagdurusa. Sinabi ng Diyos sa akin, hindi ito ang Kanyang gusto. Si Satanas ang demonyo ang nagpeke ng Kanyang pangalan para saktan ang mga dalisay ang puso, ang mga mahihina na mananampalataya. Upang makulong sila sa higit na pagdurusa, upang patayin ang marami sa mga tagapagmana, ang mga lalaking tagapagmana, na makapagpapalakas ng kanilang bansa, magpaparami ng mga tao, at magpapaunlad nito. Pag isipan ito, anong uri ng Diyos ang gustong magpahirap sa mga kaawa-awa, inosente, walang kalaban-lang mga sanggol at mga bata o maging ang mga lalaking nasa hustong gulang, para saan? Para saan na gugustuhin ng Diyos magdulot ng pag-aalala at sakit para sa kanilang mga magulang. Sila ay Kanya din mga anak. Kahit na ang aking puso, kahit hindi ko sila mga anak, hindi ako ang magulang nila, ngunit ang puso ko ay nasa napakalalim na hinagpis, nadarama ang kanilang kalungkutan at sakit, lalo na para sa mga kapus-palad na walang-kalaban-laban na

mga sanggol, paano ito matitiis ng Mapagmahal na Diyos, kahit hindi na natin banggitin na iniutos pa Niya iyon!? Sa ngalan ng Diyos, ang lubos na makatarungan at maawain, ako ay humihingi ng tawad sa lahat ng hindi mabilang na mga inosenteng nilalang na pinahirapan at pinatay ng mga tao mula pa noon. Sinasadya o hindi sinasadya. Ngyon ay ika-21 siglo na. Tayo dapat ay mas sibilisado. Dapat na natin ihinto ang mga mapamahiin at marahas na tradisyon. Dapat na natin ihinto ang pagpapahirap sa mga inosenteng mga sanggol at mga hayop at mga tao. Si Satanas na diyablo ang nagpasimula ng anumang bagay na nagpapahirap sa mga nilalang. Iyan ang kanyang maka-impiyernong istilo. Siya ay Impiyerno, siyempre, isang simbulo ng pagpapahirap, dalamhati, sakit, paghihirap at anumang hindi mabuti, iyan ay negatibo, iyan ay madilim at nagdudulot ng sakit. Kaya't mangyaring iligtas ang iyong mga inosenteng sanggol at mga anak. Sasabihin ko sa inyo kung bakit gusto ng diyablo na magdusa ang mga lalaking sanggol, mga batang lalaki, o ang mga lalaki. Sasabihin ko sa inyo kung bakit.

Sinabi ito sa akin ng Diyos, hindi ito ang maawaing Diyos. Ito ang mga mabalasik na demonyo (zealous demons), mga kampon ni Satanas. Gusto nilang kainin ang laman ng sinumang namatay sa digmaan, labanan, paghihirap, at mga katulad nito. Kamakailan lang, hindi ko na natiis, masyado din nila akong inaabala. Kaya,

kamakailan, 80% ng mga demonyong ito ay kinaladkad na sa impiyerno ng mga Diyos na Protektor ng Orihinal na Uniberso. Dahil ang uri ng mga demonyong ito, maaring hindi si Satanas mismo, ngunit nagtatrabaho sila kay Satanas, at lagi silang nag-uudyok para magkaroon ng poot sa pagitan ng mga tao, at sa pagitan ng mga tao at mga hayop, o sa pagitan ng mga hayop, sa pagitan ng lahat ng nilalang, upang namnamin ang kanilang nagliliyab na enerhiya. Nabubuhay sila mula dito, at ikinatutuwa nila ang kanilang paghihirap, kahit na ang mga patay na laman. Sinabi nila sa akin. Sinabi sa'kin ng mabalasik na demonyo (o mga ispiritu) na huwag akong gumawa ng kapayapaan sa Lupa dahil mawawalan sila ng makakain. At sabi ko sa kanya, "Hindi ko matutugunan ang iyong hiling. Ang pwede mo lang gawin ay ang sumunod sa akin, umuwi na kayo, pumunta sa Langit. Iyan lang ang maipapangako ko. Hindi ko puwedeng hayaan na magpatuloy ang pagdurusa ng mga tao o mga hayop sa planetang ito. Tama na. Sobra sobra na!" Sabi nila, wala silang ibang makakain. Tinanong ko sila, "hindi ba ninyo puwede kainin ang mga hayop na namatay ng natural o iba pang bangkay, gaya ng mga inabandunang mga bangkay o mga katulad nito?" Ang sagot nila, hindi puwede dahil iba ang enerhiya nito. Kailangan nilang kainin ang laman na may pagdurusa, poot, dalamhati, o takot, tinakot na uri ng laman ng mga nilalang, na noon ay namahay sa bangkay, dahil ang ibang uri ng laman ay may ibang

enerhiya, na hindi nila makakain. Sabi ko, “Buweno, kailangan ninyong magbago, hindi ko maaaring hayaan na ipagpatuloy na gumawa ng digmaan para lang may makakain kayo.” Sabi nila kahit isang maliit na piraso ng laman lamang mula sa ganitong uri ng paghihirap, laman na may enerhiya mula sa pananakot, mabubusog na sila sa mahabang panahon. Sabi ko, “Kahit ano pa man hindi ko mapapayagan ang hiling na ito, hindi ko maaring payagan ang gawaing ito. Mahal ko ang mga tao, mahal ko ang mg hayop. Lahat ng mga kaluluwa ay mga inosente hanggang sa sila ay makulong sa planetang ito ng hindi sinasadya. Hindi ko na sila hahayaang magdusa pa. Kaya ang pinakamabuti ay sundin ninyo ako, umuwi na kayo.” Yong iba ay sumunod, pero may kaunti lang (maliit na bilang). Sa totoo lang, hanggang sa mga araw na ito, 82% sa mga demonyong ito ay nakaladkad na sa impiyerno. Dahil ginugulo nila ako, kaya may katuwiran ako para gawin ito.

Pakiusap, iligtas n’yo ang inyong mga mahal na anak. Nakikita ninyong walang silbi na hayaan silang maghirap at mamatay, sa maraming kaso. Sa Amerika, iniulat na mayroong hindi bababa sa 100 mga sanggol na namamatay bawat taon, dahil sa mga kaugnay na epekto ng pagtutuli. Ang bilang ay maaaring higit pa, ngunit may ilang mga magulang na hindi nag-report. Kaya maiintindihan ninyo kung bakit. Masyado na silang

nagdurusa para isipin pa ang magreport, o kaya ayaw nila itong pag-usapan. Ngunit tingnan ninyo ang kasaysayan at makikita ninyo na ang pagsamba sa isang sadistang uri ng “diyos” ay walang naidudulot na maganda. Ito ay hindi maaaring ang Diyos. Ang Diyos ay pag-ibig. Ang Diyos ay mapagmalasakit, mapagmahal, mahabagin, maawain. Nilikha Niya ang mga bata, nilikha Niya ang tao sa Kanyang anyo. Paano Niya naisin na ang Kanyang mga anak ay magdusa? Hindi ito lohikal. Kayo ay matalino, nakakaintindi kayo. Kaya magbalik-tanaw. Tumingin kayo sa paligid, walang magandang bunga ang pagsasamba sa mga sadistang uri ng mga demonyo. Walang katapusang giyera lamang, maramihang paghihirap, pagkamatay ng mga inosenteng bata at mga sanggol ng maramihan. At kahit na sa mga nakaraang dekada, naalala ninyo. Alam ninyo ang holocaust. Pakiusap ihinto ito. Pakiusap ihinto ang pagpapahirap sa inyong mga sanggol at mga bata, o pati na sa sarili n’yo, o pati na ang inyong mga kaibigan. Gumising kayo. Gising na, gising na. Walang maituturing na Diyos na gustong pahirapan ang inyong mga sanggol. Ang inyong mga sanggol ay mahalaga sa inyo at alam iyan ng Diyos. Ayaw ng Diyos na pahirapan kayo sa isip, sa pisikal, o ang inyong mga sanggol. Para sa ano? Alam Niya ang mga mangyayari, na ito ay napakasakit. Kung masugatan ng kaunti ang ating daliri, pakiramdam natin ay napakasakit na. Papaano pa kaya ito kakayanin ng isang sanggol? Papaano ito kakayanin ng mga sanggol?

Paumanhin kung nasaktan ko man kayo sa anumang paraan, pero ang puso ko'y. . . Pakiramdam ko'y ito ay kumukulo. Ramdam ko. . . Ramdam ko. . . Pakiramdam ko ay may kumukulo. Kapag iniisip ko ang mga sanggol na ito, at iniisip kung anong pakiramdam nila habang walang kalaban-laban na [tinutuli]. Mga sanggol lamang, mga ilang araw pa lang ang gulang, Diyos ko. PAKIUSAP IHINTO ITO! Kung hindi ay mas paparusahan kayo ng Diyos. Mga demonyo, ang mga demonyo lamang, nais nilang pahinain ang inyong bansa, hindi ba ninyo nakikita? Dahil ang mga sanggol na lalaki o mga batang lalaki, o mga lalaking nasa tamang edad na ay ang ating kinabukasan, lalong lalo na ang mga bata (hindi ko mabasa) lalong lao na ang mga lalaking sanggol, at mga batang lalaki, sila ang mga Rabbi sa hinaharap, sila ay magiging mga pangulo, sila ay magiging tagapagtanggol ng inyong bansa. Kaya't ang mga demonyo ay nais na saktan sila, patayin sila, upang ang inyong mga bansa ay humina. Para mabawasan ang mga lalaki na magpapalakas sa bansa at gagawa ng maraming gawain para sa inyong lipunan, para sa inyong bansa. Nakikita ba ninyo? Sinasabi ko sa inyo ang katotohanan. Sa anong dahilan na ginagawa ko ito? Ilalagay ko ba sa panganib ang aking sarili, para ma-offend kayo? Ang mga demonyo ay nasa lahat ng dako. Maari silang magbalat-kayo na tao, maari silang magmumukhang marangal at sasabihin sa inyo na sila ay diyos o sila ay mga santo.

Tanda nyo pa ba ang kuwento ni Solomon. Tatlong taon siyang nasa pagkatapon, at kinuha ng mga demonyo ang kanyang trono at ang kanyang sambahayan, ang kanyang bansa at gumawa siya ng napakaraming kasuklam-suklam, malupit na mga gawa at inakala ng mga tao na si Solomon iyon ngunit hindi. Si Solomon ay ipinatapon sa loob ng tatlong taon, hanggang sa siya ay bumalik. At ang mga diyablo ay pinalayas. At si Jesus, nang Siya ay nagmemeditate sa disyerto, ay dumating din ang diyablo at Siya ay tinukso, sinuhulan Siya nito ng buong mundo bilang isang regalo kung si Jesus ay yumuko lamang kay Satanas. Kaya ano ang sinabi ni Jesus? "Lumayo ka sa likod ko," na ang ibig sabihin ay umalis ka! Ang Buddha ganun din ang ginawa nang dumating ang mga demonyo upang tuksuhin Siya. Ngunit sa kanyang mahinang estado ng pag-iisip at sa kanyang inosenteng pananampalataya, maaaring mali ang narinig ng ibang tao, o mali ang pagsasalin? Sa pag-aakalang ito ay tinig ng Diyos. Kaya, nagpadala ang Diyos ng mga Mensahero upang itama, upang linisin ang Kanyang pangalan, upang linisin ang Kanyang utos, na hindi Kanyang utos, kaya dumating ang ibang mga Mensahero na sinasabi na ayaw Niya ng anumang laman ng hayop, kahit na laman at dugo ng hayop, paano Niya gustong saktan ang mga bata? Masyado Niyang mahal ang mga hayop kaya hindi Niya gustong magdusa sila, paano Niya gugustuhin na magdusa ang inyong mga

anak, ang iyong mga sanggol, na ilagay sila panganib ng kamatayan. Pag isipan ninyo ito, OK?

Ang maling pagsasalin ay nagkakahalaga ng milyun-milyon o bilyun-bilyong buhay ng mga inosente. Halimbawa, sa India, noong unang panahon, sa Rigveda 10.18.7, nakasaad na ang mga babaeng balo na ang mga asawa ay namatay na, ay pinapayuhan na magpatuloy sa kanilang buhay. Ang salitang “agre” ay nangangahulugang "mag-patuloy." Pero, ang “agre” ay naisalin sa maling kahulugan, bilang “agne”, na ang ibig sabihin ay apoy. At sa gayon, ang himno ay naging: "Hayaan ang mga asawang ito na unang tumapak sa siga, nang walang pagluha, walang anumang pahihirap at mahusay na pinalamutian.” Kaya ang "mag-patuloy," sa halip ay naging "pumunta sa apoy." Ang mga ito ay ganap na magkaiba ang mga kahulugan. Maraming kababaihan ay napilitang mamatay sa siga, ang apoy na sumusunog sa bangkay. Kung patay na ang kanyang kabiyak na lalaki at susunugin nila ito, kailangan din siyang sunugin kasama ito. Kaya, maraming babae noong unang panahon ang napilitang masunog kasama ang kanilang kabiyak na lalaki sa apoy, sa halip na magpatuloy sa kanilang buhay, gaya ng kahulugan ng salitang “agre”. Kaya ito ay kakila-kilabot. At sa Atharvaveda 18.3.1, ito ay isa sa pinakamalimit na nababanggit na mantrang Vedic, na sumusuporta na ang isang babae ay masunog kasama ang kanyang kabiyak

na lalaki kung ito ay patay na: “Ang pagpili sa mundo ng kanyang asawa, O ginoo, ang babaeng ito ay inilatag ang kanyang sarili sa tabi ng walang buhay na katawan. Pinapanatili ng tapat ang sinaunang nakaugalian. Ipagkaloob dito ang kapwa kayamanan at mga anak.” Ang maling interpretasyon ay nagmumula sa “pagpili sa mundo ng kanyang asawa,” na nauunawaan bilang ang asawa ay pinapayuhan na sumama sa namatay na asawa sa kabilang buhay, sa kabilang mundo. Kaya, kinakailangan niyang masunog kasama ang pagsunog sa bangkay ng kanyang kabiyak na lalaki. Mula noong 1829, ang gawaing ito ng pagsunog ng buhay sa isang balo kasama ang kanyang asawa ay ipinagbawal na sa India. Ngunit nangyayari pa rin ito sa ilang mga pambihirang okasyon dahil ito ay itinuturing ng ilang mga Hindu bilang ang pinakahuling anyo ng pambabaeng debosyon at sakripisyo.

Kaya't nakikita ninyo, ang maling pagsasalin ay maaaring nakamamatay at nakamamatay ng kakila-kilabot, at pumapatay ng mga inosente. Dapat tayong mag-ingat sa ating pinaniniwalaan at kung ano ang ating sinusunod, dahil kailangan nating makinig sa lohika, matalinong katwiran, kung gusto nating sundin ang kalooban ng Diyos. Isang halimbawa, dahil may magkasalungat na pahayag sa parehong Veda, Atharvaveda 18.3.2, nakasaad na: “Bumangon ka, pumarito sa mundo ng buhay, O babae: halika, sya ay walang buhay kung saan

sa tabi niya ikaw ay nakahiga." Kaya ang mantra na ito ay nagpapahiwatig na ang babae ay dapat bumangon mula sa tabi ng patay na katawan ng kanyang asawa at magpatuloy sa buhay na mundong ito. At saka, sa mga Vedas, nababangit doon ang pag-aasawang muli ng balo. Kaya, ang maling interpretasyon ay nakakapatay ng marami, maraming inosente. Iyan ang ibig kong sabihin, maaaring mali ang narinig ng mga tao o mali ang pagsasalin. Pakiusap, iligtas ang inyong mga sanggol, iligtas ang inyong mga kabataan, iligtas ang mga lalaki. Hayaan silang mabuhay. Hayaan silang maging buo at malusog at mabuti. Nilikha sila ng Diyos na perpekto. Hindi natin maaring i-molestiya ito o bawasan ang alinmang parte ng katawan. Iyan ay magiging salungat sa kagustuhan ng Diyos.

Kaya, para sa iyong sariling kapakanan, sentido komun, moralidad, reputasyon at karangalan, mangyaring gawin ang tanging tamang bagay ngayon na IPASA ANG BATAS NG VEGANISMO. WALA NANG PAGPAPATAY SA MGA INOSENTE, MGA HAYOP O MGA LALAKI. At siya nga pala, lahat ng mamamayan sa planetang ito, mangyaring suportahan ninyo ang inyong gobyerno sa pagpasa ng BATAS NG VEGANISMO upang ang mga hayop ay hindi na kailangan pang magdusa. Pakiusap protektahan ninyo ang inyong mga kabataan. Ayaw ng Diyos na saktan sila. Ibig ng Diyos na mahalin, na protektahan sila, upang sila ay magsilaki na mabubuting mga rabbi,

mabubuting mga pari, mabubuting mga monghe, mabubuting pangulo, mabubuting lider, o ang malakas na puwersang gumagawa para sa inyong bansa, para sa inyong pamilya. Iyan ang tunay na Diyos. Ang Diyos na kilala ko ay ganyan. Mapagpatawad sa lahat. Kung magsisi ka lang, mapapatawad ka. Ipinapangako ko iyan sa anumang karangalan na mayroon ako. Maniwala kayo sa akin. Ang Diyos ay mapagmahal sa lahat, nagpapatawad sa lahat. Magbalik-loob ka lamang, gawin mo ang tama. Magsisi. Patatawarin ka ng Diyos, 100%. Iyan ang tunay na Diyos, sobrang maalaga para sa iyong kabutihan, hinahayaang ang mga Langit na maghintay sa iyo. Walang Diyos na gustong kumain ng laman ng hayop at uminom ng dugo ng hayop at manakit ng mga sanggol at mga bata. Lalong lalo na sa mga lalaki, kung saan ang anumang bansa o pamilya ay nakadepende sa kanilang lakas, sa kanilang proteksiyon, sa anumang bagay na nangangailangan ng kanilang kapangyarihan at kabayanihan at idealismo. Kaya hindi natin maaring saktan ang sinumang mga lalaking sanggol o mga lalaking bata, sinumang mga lalaki. Kailangan natin sila. May ibang kaugalian at mga masamang tradisyon sa ibang lugar na nagmomolestiya din ng mga babae, parehong sitwasyon. Tinutuli ang mga organo ng mga babae at hinahayaan silang magdusa, nagdurugo, ma-impeksiyon at mamatay din. Kadalasang ginagawa ito ng walang anesthesia. Naiisip ba ninyo? Naiisip ba ninyo kung kayo ang nasa ganung

sitwasyon? Hinahayaang danasin ang masakit na paghihirap na iyan na walang-kalaban-laban.

Itigil ang lahat ng ito. Kayong mga marurunong na pamahalaan, may kapangyarihan kayo, itigil lahat ng napakalupit na pamahiing ito. Mayroon kayong sapat na edukasyon at mayroon kayong sapat na kapangyarihan upang pigilan ang lahat ng ito. Kung hindi, hindi tayo mapapatawad ng Diyos, hindi magpakailanman. Ang Diyos ay hindi maaring matiyaga magpakailanman na nakikita tayong sinasaktan ang ating kapwa naninirahan. Subalit kung ihihinto natin ito, kung pagsisisihan natin ito, patatawarin agad tayo ng Diyos at kakalimutan at lahat tayo ay magtatamasa sa buhay na ito nang kasaganaan, kasiyahan, at mapupunta sa Langit kapag tayo ay umalis na sa mundong ito. Ipinangangako ko. Ang mga Langit ang aking saksi, ang Diyos ang aking saksi. Maaaring manatili ang planeta, maaaring makaligtas ang mundo, ngunit ang mga binabalewala ang kanilang konsensya, o, at nabubuhay sa pagdurusa ng iba pang mga inosenteng nilalang, tulad ng pagkatay ng hayop, sila ay hindi maliligtas sa paghatol. Kaya kumilos ayon sa inyong natural na taglay na mapagmahal na mga na puso. Mga pamahalaan sa mundo at mga mamamayan ng mundo, magtulungan upang maging masayang tirahan ang ating mundo. Para may maiwan tayong mas magandang planeta para sa ating mga anak. Nawa ang Diyos ay nasa sa inyo pa din.

Naway pagpalain ng Diyos ang inyong desisyon na BATAS NG VEGANISMO. Maging matapang, maging bayani, matuwid, banal, walang takot sa misyon at proteksyon ng Diyos. Kayong lahat, mga pinuno, pamahalaan at kapwa mamamayan ng mundo, pakiusap, itigil na ang pagpatay sa mga inosenteng hayop, mga sanggol o tao. Tutulungan kayo ng mga Langit. Gawin ang BATAS NG VEGANISMO, PIRMAHAN ITO at sundan ninyo ito. IYAN ANG TAMANG DAPAT GAWIN para sa lahat ng gobyerno, lahat ng mga pinuno at lahat ng mamamayan sa mundong ito. Iyan lamang ang tanging pryoridad sa ngayon kung nais natin na manatili at maging maayos ang ating mundo, at KUNG NAIS NATIN NA MAKAIWAS SA PARUSA NG APOY NG IMPYERNO. Salamat sa inyong lahat. Ang mga nilalang sa mundong ito ay nagpapasalamat sa inyong lahat. Uulitin ko, GAWIN NIYO LANG ANG TAMA. GAWIN ANG BATAS NG VEGANISMO, PIRMAHAN ITO. Isabuhay ito, sundin ito. Maging vegan. IYAN ANG TAMA at iyan lamang ang nararapat ninyong gawin. Lahat ng iba pa pa ay kusang maisasaayos. Ito ay magiging pawang-kabutihan, maawain, may pakikiramay, kaligayahan sa buong planeta kung gagawin ninyo ito. Maraming salamat muli. Naintindihan ninyo ang lahat ng ito. Pakiusap gawin ito. Isang hakbang lamang ng pagkamatuwid, BATAS NG VEGANISMO AT VEGAN NA PAMUMUHAY. Maraming salamat. Nawa'y pagpalain pa rin ng Diyos ang ating mundo. Nawa’y nasa atin pa rin ang Diyos.[21]

8

Mga Salita ng Panghihikayat mula kay Master

Dahil ang pagkain ng vegan ay nagdadala ng isang banal at mapangalagang kapaligiran, isang mapagmahal na kapaligiran sa ating planeta, sa ating mga paligid, at ang enerhiya na iyan ang magpoprotekta sa atin. Ito ay bagay na maaring hindi natin mapatunayan, subalit ito ay napaka lohikal. Anuman ang ating gawin ay nakakaapekto sa atin. Ang pagiging vegan, ibig sabihin ay pakikiramay sa mga hayop, at tandaan ninyo na gusto nating iligtas ang planeta sa pamamagitan ng pagiging vegan, at nangangahulugan ito na tunay na pagkamahabagin dahil ibig nating iligtas ang planeta.

Ilang bilyong trilyong nilalang sa mundong ito kabilang ang tao at hayop? Kaya kung nasa isipan natin ang ganitong ideya, tayo ay tunay na mahabagin, at dahil dito, ang enerhiya sa paligid natin ay dakila at lubos na mabuti para sa lahat ng nasa ating paligid. Kung bawat isa sa planeta ay may ganitong uri ng mabuting enerhiya sa kanilang paligid, magiging Langit muli ang mundo. At

hindi lang maililigtas ang mundo, ito ay magiging mas mabuti kaysa ngayon; mas maganda, mas masagana pa, at bawat hiling ay matutupad.

Diyos ko, sana naintindihan ng lahat ang mga sinasabi ko. Salamat sa inyo. Alam ninyo, ang enerhiya ay bagay na hindi natin mapatunayan, subalit nadarama natin ito. Halimbawa, mayroon kang mapagmahal na kasama, na sa buong araw lagi kayong magkasama, at isang araw ay nagtalo kayo. Sa araw na iyon, kahit na hindi kayo nag-uusap o hindi nagbabatohan ng mga libro sa isa't isa, masama ang pakiramdam mo, dahil ang enerhiya sa bahay ay hindi mapayapa, hindi mapagmahal, hindi magkaayon at magkaisa.

Kaya iyan ang tungkol sa enerhiya, bagaman hindi natin ito mapapatunayan. Marahil ay kaya natin, ang mga siyentipiko ay nakatuklas ng maraming bagay tungkol sa enerhiya ng tao. Kapag ang isang tao ay nagagalit, maramdaman nila na ang enerhiya na papunta sa isang mababang direksyon, at kapag ikaw ay masaya, masusukat nila ang enerhiya, mas mabait at mas kapaki-pakinabang.

Kaya, ang enerhiyang nalilikha natin sa pagmamahal sa mga hayop at sa kagustuhang iligtas ang planeta ay napakalakas, at maaapektuhan nito tayo at ang lahat ng

nasa paligid natin. Kaya, sa lohikal na pananaw, ang vegan na diyeta ang proteksyong kailangan natin. Kailangan natin ang ganitong uri ng proteksiyon.[22]

Magkaroon ng malaking pagmamahal. Malaking, malaking, malaki! Mas malaki mas mabuti. ahalin ang lahat ng nakikita mo sa paligid mo.

Walang mawawala sa atin. Palitan lang ang kapirasong laman ng bangkay ng hayop ng masarap, masustansyang protina mula sa halaman ng lahat ng uri. Maging vegan, makipagpayapaan. Iyan ang dapat gawin nating lahat, at magmahal. Magmahal hangga't gusto natin, huwag lamang makipagdigma. Maraming salamat po sa ating lahat. Pagpalain nawa tayo ng Diyos.[2]

Tayo ay mahabagin. Tayo ay maawain, tayo ay mapagmalasakit. Kaya, tayo lamang ay nalinlang. Tayo ay naniwala sa maling impormasyon hanggang ngayon, kaya't hindi natin alam ito. Ang pagiging vegan sa buong mundo ay ang pagsulong ng pakikiramay na magpapaangat at magbubuklod sa lahat ng kultura, na magdudulot ng katahimikan sa mga tao at hayop.

Ang panloob na kapayapaan na nagmumula sa pagtanggal sa pagpatay at palitan ng paggalang sa lahat

ng buhay ay lalaganap na parang alon sa buong mundo, magpapa-angat sa mga puso ng tao, at lilikha ng isang mapayapang Eden sa Lupa. Iyan ang magdadala sa ating lahat sa isang pangmatagalang Ginintuang Panahon.[19]

Ang ating likas na katangian ay pag-ibig at pakikiramay, gaya ng itinuro ni Buddha sa atin. Tayo paulit-ulit na naligaw, buhay-kada-buhay, sa sarili nating kamangmangan, at sa kadiliman ng lupaing ito na nagpataw ng pressure sa atin na dahilan para tayo ay higit pang makalimot. Kaya, ni minsan hindi ko sinisisi ang mga tao sa pagkalimot na mahalin ang kanilang sarili, ang mga hayop, o ang paglimot sa kung ano talaga sila—iyon ay, pag-ibig.

Ang mga tao ay pag-ibig na nagkatawang-tao. Ngunit oras na upang maalalang muli, kung hindi, tayo ay nahaharap sa pagkalipol sa pamamagitan ng ating sariling mga kamay. Isang paraan sa pagsisimulang mahalin ang mga hayop ay ang unawain kung ano ang kanilang nararanasan. Panoorin kung ano ang nangyayari sa bahay-katayan, panoorin kung papaano katayin ang isang kambing, isang kabayo o isang tupa, o manok, isang baboy, o panoorin ito sa telebisyon o sa isang video, upang malaman ang tunay na sindak, takot,

dalamhati na nasa likod ng isang piraso ng laman na maganda ang pagkakabalot. Kung alam ng isang tao ang katotohanan tungkol sa mala-impiyernong takot na nararamdaman ng mga hayop na ito, malamang mahirap lunukin ang piraso ng kanilang laman.

Tinanong ninyo, paano natin mapapabuti ang kalidad ng ating pagmamahal? Tinatawag ko itong LQ. Marami tayong Q's: IQ, LQ, GQ (God Quality) din. Ang mga tao at mga hayop ay parehong may ganitong Loving Quality (LQ), at sa kabutihang palad, ang mga tao ay mas may pribilehiyo dahil maaari nating pagbutihin ang ating Loving Quality sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng pagmamahal, tulad ng pag-eehersisyo sa kalamnan. Kaya, kahit na hindi natin baguhin ang ating normal na iskedyul, maari nating unatin at palaguin ang ating 'kalamnan ng pagmamahal' sa almusal, sa pananghalian, at sa hapunan; hindi na kailangan ng ehersisyo.

Maging vegan upang magpakita ng pagmamahal, pati na rin, sa inyong pamilya, inyong mga alagang hayop, inyong mga kaibigan, at inyong mga kaaway, at palawakin ang pagmamahal na ito sa lahat ng kapwa naninirahan sa mundo sa kabuuan. Kahit na sa mga puno, sa mga halaman, sa mga bulaklak, sa mga bato, sa mga maliliit na bato. Sa pagiging vegan lamang, awtomatiko pagkatapos ng ilang araw o ilang linggo, madarama ninyo na may magbabago sa inyong sarili.

Ang inyong mapagmahal na likas na katangian ay dadaloy nang walang kahirap-hirap na parang bukal, bukal ng pag-ibig. Mas matatanggap ninyo ang pag-ibig at pagpapala mula sa araw, sa buwan, sa mga bituin, mula sa lahat ng kalikasan at sa ating mga kapwa naninirahan. At ang mga hayop ay biglang, tunay na magmumukhang mga kaibigan at kapitbahay - napakaganda, palakaibigan, matalino at mapagmahal.

Sa gayon napakadali para sa inyo na mahalin sila, at napakahirap na isipin na saktan silang muli, kahit na hindi-direkta, o kainin ang kanilang nagdurusang laman.[23]

9

Manalangin para sa Vegan na Mundo

Sama-sama tayong manalangin. Kahit na hindi pa ninyo kayang maging vegan ngayon, ipagdasal ninyo na maging vegan kayo sa hinaharap. Manalangin para sa pandaigdigang vegan. **Mangyaring sumali sa amin araw-araw tuwing 9 hanggang 10 PM, Hong Kong Time, upang manalangin o at magnilay-nilay para sa Pandaigdigang Vegan**, nang sa gayon ay magkakaroon din tayo ng pangmatagalang Pandaigdigang Kapayapaan. Nawa'y pagpalain kayo ng mga Langit ng maraming beses. Maraming salamat po.

Ang ating mga panalangin ay makapangyarihan dahil ito ay sinusuportahan ng Mga Kalangitan at ng Mga Banal at ng Kapangyarihan Diyos. Ito ay may pambihirang kapangyarihan, na hindi pa nalalaman mula noon, lalo na ngayon na ginagawa natin ito nang sama-sama, at kayo ay naging vegan, nananalangin na maging vegan, magiging vegan, nang kasama ang lahat ng inyong mabait na katangian sa loob. Ito ay napaka-epektibo.

Mangyaring sabihin sa mga miyembro ng inyong pamilya, mga kaibigan, mga kakilala, at sino pa kakilala ninyo na manalangin kasama natin para sa isang vegan na mundo. Maganda din ito para sa kanila. Manalangin tayo, magnilay-nilay ng sabay-sabay sa loob ng isang oras, ipagpatuloy araw-araw hanggang narito na ang Mundong Vegan.

Kahit na ang taos-pusong limang minuto, dalawampung minuto, lahat iyan ay tumutulong upang linisin ang ating mundo, upang mailigtas ang ating mga anak at mamuhay ng marangal, karapat-dapat, disenteng buhay, na angkop sa mga anak ng Diyos. Samahan ninyo kaming iligtas ang ating mundo. Pakiusap! Nawa'y pagpalain kayo ng Diyos ng maraming beses, sa buhay na ito at sa kabilang buhay.

I-set ang iyong alarm nasaan ka man, anuman ang ginagawa mo, mangyaring huminto sa ilang sandali upang manalangin para sa Vegan na Mundo kasama namin, alas-9 hanggang alas-10 ng gabi, oras ng Hong Kong.[24]

Mga Reperensya:

Paunang salita

1. *Supreme Master Ching Hai on the Environment: A Noble Goal & Change of Heart Can Save the Planet,* videoconference kasama ang mga miyembro ng Asosasyon sa Au Lac (Vietnam) noong Hulyo 20, 2008. Video 839. http://video.godsdirectcontact.net/daily/2008.09.26/BMD743.wmv

2. *"The Real Love" – A Musical that Unites Hearts,* teleconference sa California, USA noong Agosto 27, 2011. DVD 999. suprememastertv.com/en1/v/136665388570.html

Kabanata 1

3. *Wake Up and Be Vegan in This Time of Cleaning,* conference kasama ang Supreme Master Television team noong Hunyo 26, 2020. suprememastertv.com/en1/v/102385733924.html

4. *Wake Up and Be Vegan in This Time of Cleaning,* conference kasama ang Supreme Master Television team noong Hunyo 26, 2020. suprememastertv.com/en1/v/102057990937.html

Kabanata 2

5. *Humanity's Leap into the Golden Era,* international conference sa Washington DC, USA noong Nobyembre 8, 2009. suprememastertv.com/en1/v/131957486562.html

Kabanata 3

6. *To Love God Is to Keep Hiers Commandments,* sa Panama noong Nobyembre 29, 1989. Video 106. http://www.suprememastertv.tv/bbs/board.php?bo_table=download&wr_id=8423&goto_url=&sfl=wr_content&stx=To+Keep+Hiers+Commandments&sst=wr_num&sop=and&url=link2&year=&month=&day=

The Key of Immediate Enlightenment Book 3, mga pahina 104-106. http://www.smchbooks.com/ebook/data/english/E-The%20Key-E3.pdf

7. *Global Unity: Together in Saving Lives,* international conference sa Hong Kong noong Oktubre 3, 2009. Video 882-1. http://video.godsdirectcontact.net/daily/2009.11.22/WOW1165.wmv

8. *Be a Torchbearer for God,* pampublikong lektyur sa Johannesburg, South Africa noong Nobyembre 25, 1999. Video 667. http://suprememastertv.com/en1/v/99665258964.html

Kabanata 4

9. *Interview with Supreme Master Ching Hai ng The Irish Dog Journal* noong Disyembre 16, 2009. Video 899. http://video.godsdirectcontact.net/daily/2010.03.24/WOW1287.wmv

10. *Children's Health and Sustainable Planet,* internasyonal na kumperensya sa Jeju Island, South Korea noong Setyembre 21, 2009. Video 881-3. http://video.godsdirectcontact.net/daily/2009.11.10/WOW1153.wmv

11. *Leading a Virtuous Lifestyle in Accord with the Law of Love,* videoconference kasama ang mga kasapi ng Association sa Los Angeles, USA noong Hulyo 31, 2008. Video 842. http://video.godsdirectcontact.net/download/2008.10.31/Between_Master_and_Disciples_2008.10.31_778.wmv

12. *Through Selfless Action We Can Attain Fulfillment,* grupong meditasyon sa Singapore noong Marso 7, 1993. Video 326.

13. *Media Interviews with Supreme Master Ching Hai :* James Bean ng *Spiritual Awakening Radio*, Bob Lebensold ng *Environmentally Sound Radio*, Ms. Andrea Bonnie ng *Irish Independent Newspaper* sa Estados Unidos at Ireland noong Hulyo 29, Setyembre 11, at Nobyembre 21, 2008. Video 854-1. http://video.godsdirectcontact.net/download/2008.09.28/Words_of_Wisdom_2008.09.28_745.wmv

14. *World Vegan Brings Lasting World Peace,* videoconference kasama ang Supreme Master Television team noong Disyembre 24, 2020. suprememastertv.com/en1/v/118282097128.html

Kabanata 5

15. *The Return of the King.* suprememastertv.com/en1/v/126653410185.html

Let Peace Begins with Us, pampublikong lektyur sa Malaysia noong Oktubre 1, 1989. Video 99.

16. *Bless Yourself with Meditation:* Mga Selections mula sa aklat na *"Coloring Our Lives"* ni Supreme Master Ching Hai. suprememastertv.com/en1/v/129254659480.html

17. *Meditation Is Your Shield*, kumperensya kasama ang Supreme Master Television team noong Setyembre 02, 2020. suprememastertv.com/en1/v/111118523935.html

18. *The Quan Yin Method- Meditation on Inner Light and Inner Sound.* suprememastertv.com/en1/meditation

19. *Humanity's Leap into the Golden Era,* internasyonal na kumperensya sa Washington DC, USA noong Nobyembre 8, 2009. Video 818-2. suprememastertv.com/en1/v/132161236579.html

Kabanata 6

20. *Supreme Master Ching Hai's Appeal to All Religious and Spiritual Leaders,* video message noong Marso 2, 2020. suprememastertv.com/en1/v/88425789933.html

Kabanata 7

21. *Supreme Master Ching Hai's URGENT Message to All World Leaders and Governments,* video message noong Marso 24, 2020. suprememastertv.com/en1/v/90753335579.html

Kabanata 8

22. *Celestial Art,* English edition ng internasyonal premiere ng libro sa Los Angeles, USA noong Disyembre 12, 2008. Video 852-2. http://video.suprememastertv.com/daily/2009.01.14/WOW853.wmv

23. *The Love of Centuries,* Mongolian edition ng internasyonal premiere ng libro sa Ulaanbaatar, Mongolia noong Abril 22, 2011. Video 950-1. http://video.suprememastertv.com/daily/2011.06.01/WOW1721.wmv

Kabanata 9

24. *Supreme Master Ching Hai's Urgent Call to Pray for World Vegan in Order to Rescue Our World,* video message noong Pebrero 6, 2020. suprememastertv.com/en1/v/85783840493.html

Pag-ibig
Ang Tanging Solusyon

May-akda: Supreme Master Ching Hai

Inilathala ng: Love Ocean Creative International Company
P.O. Box 109-973 TAIPEI, TAIPEI CITY,
11099 Taiwan (R.O.C)
Tel: 886-2-87896317
E-mail: service@loveoceancreative.com

http://www.smchbooks.com

Unang Edisyon ng eBook: Nobyembre 2024

ISBN: 979-8-9895470-8-1

Love Ocean Creative International Company©2021
The Supreme Master Ching Hai©2021

Reserbado ang lahat ng karapatan.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin:

www.SupremeMasterTV.com

Sa booklet na ito na pinamagatang "Pag-ibig ang Tanging Solusyon," ipinaliwanag ng international best-selling author, espirituwal na guro, humanitaryo, at artist na si Supreme Master Ching Hai ang kasalukuyang kalagayan ng mundo kaugnay ng pandemya, pagbabago ng klima, mga labanan, at mga likas na sakuna. Bukod pa rito, inilalarawan niya ang mga sanhi pati na rin ang mga solusyon.

Sa pamamagitan ng pagmamahal sa mga hayop, sa kalikasan, sa isa't isa, sa ating mga pamilya, at maging sa ating mga kaaway, magagawa nating lumikha ng Eden sa mundo. Ang enerhiya ng PAG-IBIG ay magkakaroon ng protektibong epekto na hindi lamang magpapagaling sa planeta kundi mag-aangat din sa kamalayan ng mga naninirahan dito. Hinikayat Niya tayong isagawa ang ating pag-ibig upang protektahan ang mga mahihina, ang mga walang boses na hayop, pati na ang lahat ng nangangailangan.

"Ang pag-ibig ay maaaring umusbong o maglaho, bagaman ang esensya ng pag-ibig ay hindi kailanman mawawala. May mga gawaing na maaaring magpatatag sa pag-ibig, at may mga gawain rin na maaaring magpahina o magpawala nito. Ang ibig kong sabihin ay ang pisikal na pag-ibig, ang pag-ibig sa mundong ito. May mga gawain na maaaring magpalago ng pag-ibig, at may mga gawain rin na maaaring magpahina nito. Dapat nating pahalagahan at ingatan ang pag-ibig kung matagpuan natin ito. Suportahan ito. Kailangan natin itong suportahan s a ating mga iniisip, sinasabi, at mga gawa."

Supreme Master Ching Hai

ISBN 979-8-989547O-8-1
90000>
9 798989 547081